
Ang Ilusyong
Lalaki ni Violet
VANESSA

All rights reserved

# CHAPTER ONE

Violet was looking in the mirror. She wore a grape-colored gown that made her feel a little uncomfortable. Para kasing hindi siya masyadong makahinga. Pero kailangan niyang isuot ang gown dahil siya ang flower girl sa kasal ng kanyang Ninang Amrita, best friend ng mama niya at palaging maganda ang mga regalo kapag Christmas at birthday niya.

"You look so pretty!" sabi ng mama niya, iniharap siya sa salamin. Suot nito

ay katerno ng kanya. Ito ang matron of honor. She cupped both her cheeks and looked at their reflection. Araw-araw nitong pinagkakatuwaan ang mga pisngi niya.

Napalabi siya. "Mama, stop that. I'm dalaga na."

Humagikgik ito. "Okay. Sige. Dalaga na raw ang seven years old."

"But it's true. Lola said so. I'm already wearing a bra, o." Hinigit niya ang dibdib ng gown para ipakita sa ina ang suot na training bra. Narinig niya ang pagtatalo noon ng kanyang lola at mama tungkol sa pagsusuot niya niyon. Sa huli, nanalo ang lola niya, na sinabing advanced ang paglaki ng dibdib niya dahil chubby siya. And then, her lola talked to her. Ang sabi

nito, dalaga na raw siya. Naglista ito ng mga bagay na dapat at hindi niya dapat gawin.

So daming new rules! No more bukaka; no more lifting the skirt to pull down your shorts—go to the bathroom to do it; no more running around soaked in sweat; no more eating chocolates pa! It was not fair. Buti na lang hindi nila kasama sa bahay ang lola niya. She could still eat chocolates.

Humagikgik ang mama niya, saka gigil na gigil na hinagkan siya sa pisngi. "My baby is getting bigger everyday. Maybe your lola is right. Maybe you're right. Dalaga ka na."

"I am. And I already have a crush, Mama," nakangiti niyang sabi. She had always wanted her own Prince

Charming, just like her favorite Disney princesses. Besides, her mother always told her how special it was to find a Prince Charming, and that when the time came, she should choose the perfect one.

"Oh? A new one? Who?" tanong nitong kinuha ang jewelry box niyang puno ng alahas. Bigay ng lola niya ang karamihan sa laman niyon. Filipino-Chinese ang kanyang lola, habang ang lolo niya ay pure Chinese. Hindi na niya iyon naabutan pero dinadalaw nila sa sementeryo tuwing birthday. Napakalaki ng kanilang pamilya.

"Tito Donnie!" pag-amin niyang ngiting-ngiti, ang tinukoy ay ang pakakasalan ng ninang niya. Ang lakas ng halakhak ng kanyang mama habang

ikinakabit sa kanya ang bracelet. Kinabitan din siya nito ng mga hikaw. "But he's getting married today. Maybe he can marry me next week?"

Tawa pa rin nang tawa ang mama niya. Hindi niya alam kung bakit. Puwede naman na princess din siya. Ninang Amrita was the real Princess Jasmine though. But Tito Donnie did not look anything like Aladdin at all. He looked like Beast! And her biggest crush was Beast. She was Belle, because she loved books, too. And so her boyfriend was Beast.

"Why him, baby?" tanong ng mama niya habang winiwisikan siya ng baby cologne.

"Because Beast is my crush and he looks just like him!"

Humalakhak na naman ang babae. “He does, right? But only because he wouldn’t shave off the facial hair.”

“And he’s very tall, too! He’s very big! And he has a library!” Nakarating na siya sa bahay ng mga ito ni Ninang Amrita. Mayroon ding ladder sa library doon.

Hindi na matigil sa pagtawa ang mama niya. “He’s a very tall man, yes. Oh, baby, don’t grow up so fast.”

Mayamaya ay sumilip na sa silid ang kanyang ama at sinabing lalakad na sila. Sa sasakyan ay magkakatabi silang tatlo sa backseat. May driver sila, na katabi ng yaya niya.

“Mama?”

“Yes, baby?”

“I changed my mind. My crush is not

Tito Donnie anymore."

"What's going on?" tanong ng kanyang ama.

Tumatawang nagpaliwanag ang mama niya. "Our little girl thinks Donnie looks like Beast and she wants to be Belle."

Biglang humalakhak ang kanyang ama. Hinaplos nito ang kanyang pisngi, saka sinabi sa kanyang ina in Mandarin, "Madaming paiiyakin itong anak natin paglaki. Tingnan mo, sobrang cute. Kamukhang-kamukha ko."

Agad siyang tumutol. "No, Papa. I don't look like you at all!"

Tumawa na naman ang mga ito. Hindi siya nakakapagsalita ng Mandarin pero nakakaintindi siya. At hindi siya makapapapayag na kamukha

All rights reserved

niya ang papa niya dahil hindi ito pogi. He looked like a the Matchmaker in Mulan, though he was much kinder. Hindi nga lang halata dahil paos at malakas ang tinig nito, parang laging galit.

"I'm very pretty. My boyfriend said so. I will marry Dylan next week," deklara niya.

"Who?" ang kanyang ama.

"Kaklase niya," imporma ng kanyang ina, ngiting-ngiti. "So you will not marry Donnie next week, only Dylan?"

"Yes. Maybe you can help me with my wedding, Mama. I will invite all my classmates except Maria Teresa because she said my tummy is big."

Nagtawanan ang mag-asawa.

"Where's my baby getting all these

ideas anyway? Violeta, you're too young to be talking about boyfriends and getting married," anang kanyang ama sa magaspang at malalim nitong tinig.

Yumakap siya rito, saka tumingala para tumingin sa mukha nito. "But, Papa, I need a boyfriend so I can be happy like Mama. I will marry him like you did Mama."

Niyakap siya nito nang maghigpit saka hinagkan ang kanyang ulo. "Then some man is going to be very lucky when you decide to make him your husband. But not soon, Vye, okay? Wait until you're older."

Hinagkan niya lang ang pisngi nito dahil balak niyang mag-boyfriend as soon as possible. And maybe she could get married and live in a castle soon,

too.

Patuloy na umandar ang sasakyan. Nag-usap ang mag-asawa, habang siya naman ay binigyan ng libro. Bahagya lang niyang naiintidihan ang pinag-uusapan ng mga ito. Tungkol sa ninang niya na may anak sa dating boyfriend, at kay Tito Donnie na may anak sa dating asawa.

"Just like Tita Beth and Tito Luke," sabi niya. May mga tiyahin at tiyuhin siyang madaming asawa kaya sa tingin niya ay masaya din na madami siyang magiging Prince Charming at Beast.

"Hindi para sa bata ang usapan, Vye. Don't listen, just read your book."

Tumango na lang siya. Madalas sa kanilang pamilya ang ganoon, kaya close sila ng mga pinsan niya dahil

kapag nagkita-kita ang mga matatanda—na madalas mangyari—ay palaging may pinag-uusapan ang mga ito na hindi puwedeng marinig ng mga bata.

Nang makarating sila sa simbahan ay sinabihan siya kung ano ang gagawin matapos niyang batiin ang ninang niyang so pretty sa wedding gown nito. Nakinig siya sa coordinator, nag-behave gaya ng bilin ng kanyang mga magulang. Nagsimula na rin ang wedding march, at tulad ng instructions ay isinaboy niya sa aisle ang petals mula sa bitbit na basket.

Dahil may role ang mama niya sa kasal, ang katabi niya ay ang ibang flower girls at ring bearers. Magkakilala ang dalawa pang flower girls, sina Bea at

Mitzi. Nagyaya ang mga iyon na maglaro, iwan na lang daw niya ang basket sa upuan. Sumama na nga siya sa dalawa. Tumawid sila sa kabilang side, sa panlalaki, para suduin ang ring bearer na kapatid ni Bea. Habang nasa pang-boys side sila ay napatingin siya sa isang lalaki.

It was the real Prince Charming!

Napatingin iyon sa kanya. Naihawak niya ang mga kamay sa pisngi. Suddenly, her whole face felt hot. Ngumiti ang lalaki sa kanya, kumaway.

Naitakip niya ang mga kamay sa bibig.

Napatingin siya nang may humawak sa kanyang braso. Si Bea.

"Come, Violet, let's play there, o." Itinuro nito ang altar.

"No. We're not allowed there," pagtutol niya agad, saka pasimpleng itinuro ng mga mata si Prince Charming. "Do you know him?"

"Who?"

"Him," pabulong niyang sabi, pasimple at mabilis na itinuro si Prince Charming na nakatingin na sa unahan.

"Kuya Alvaro?"

"That's his name?"

Hindi na siya pinansin ni Bea na noon ay sumunod kay Mitzi. Tumakbo ang dalawa patungo sa gilid ng simbahan. Muli siyang tumingin kay Prince Charming. Nakatingin pa rin iyon sa unahan, seryoso ang mukha.

Siniko ito ng katabi at itinuro siya kaya napatingin ulit sa kanya ang lalaki na agad ngumiti sa kanya at kumaway.

Naitakip niyang muli ang mga kamay sa mukha, saka tumakbo sa kanyang mama na agad siyang sinalubong.

"Why were you staring at your Tito Donnie's son?" natatawang sabi nito, siguro ay nakita rin siya sa unahan.

"He's my Prince Charming. I will marry him one day, Mama," mahinang bulong niya, saka naitakip na naman ang mga kamay sa bibig, nahihiya pero tuwang-tuwa. Muli niyang tiningnan si Alvaro. "He's so pogi, Mama!" sambit niyang kusang gumalaw ang mga balikat dahil kinilig.

# CHAPTER TWO

Kabadong-kabado si Violet. First time siyang pinasundo ng mama niya sa school para umuwi agad kahit may sarili siyang kotse. Ang sabi ni Mang Temyong, mahigpit na bilin ng mama niyang sumama siya rito at iwan ang kanyang kotse sa parking lot ng eskuwelahan.

Hindi niya alam kung bakit nagkaroon ng emergency ngayon, kung kailan paalis na kinabukasan ang parents niya para sa isang week-long

vacation kasama sina Ninang Amrita at Tito Donnie. Siya man ay mayroong plano para sa weekend. She was going to meet a guy she met online, Armando. Excited siya sa pagtatagpo nilang iyon. Ito ang magiging first boyfriend niya dahil sasagutin niya ito sa meetup. Iyon ang pangako niya rito. Iyon ang dahilan kaya ito lumuwas para magkita sila.

Wala siyang pinagsasabihan na kahit na sino na bukas sila magkikita, not even Sabel, her new bestie. Hindi kasi nito type si Mando para sa kanya. Halatang-halata iyon sa reaksiyon nito nang makita ang lalaki sa picture. Nalukot ang magandang mukha ni Sabel, napangiwi, at kalaunan ay tila hindi maiwasang itanong, "*Why are you even talking to that old man*, Vye?"

But age was just a number. Oo at mas matanda ng fifteen years si Mando at may isa nang anak sa unang asawa, hindi ibig sabihin na wala na silang things in common. So what if Mando was thirty-three and she was eighteen? So what if he looked older than his age? Alam niya naman na hindi ito laki sa ginhawa kaya natural lang na mas mukha itong matanda kaysa sa totoong edad.

Mando was a fisherman when he was younger. Taga-Puerto Princesa ito. Ngayon ay mayroon itong malaking negosyo ng mga bangka, mga puwesto sa palengke, mga tindahan, at paupahan. He was a hardworker. Natural lang na makikita ang stress sa hitsura nito. He was dark, burly, and, to

be honest, not exactly a heartthrob. Pero hindi naman siguro ito magpapahuli nang husto sa iba. Nagkataon lang na sanay ang kaibigan niya sa mga tisoy na mukhang konyo. Malayong-malayo doon si Mando.

May four months na silang nag-uusap sa chat. Aminado rin siyang siguro ay hindi ito kasing-edukado ng kalimitang tipo niya, pero ano ba ang edukasyon kung marunong naman sa buhay ang isang tao? At iyon si Armando—praktikal at madaming alam sa buhay na totoo. Hindi ito sheltered na tulad nila ni Sabel.

And she was both thrilled and kind of scared to meet him. Pero gustong-gusto na talaga niyang magkaroon ng boyfriend. She wanted to experience all

the things she only read about in books. Hindi pa rin nababago ang bisyo niyang pagbabasa noong bata siya pero naiba na. Mula sa fairy tales ay nauwi siya sa romance novels. And she read them all, from historical to vintage gothics. They were all the same—a happy ever after awaits the heroine. And she couldn't wait for hers.

Alam niya naman na may posibilidad na hindi siya makakita ng Prince Charming at handa siyang mag-adjust. Okay lang kahit hindi kasingguwapo, basta mabait at may attractive qualities.

"Mama?" alanganing sambit niya nang makita ito. Doon sila nagkita sa bahay nina Ninang Amrita. Just because her mother was there and she needed to see her immediately.

All rights reserved

“You and I are going to have a serious conversation, young lady,” anito.

“Why here though?” sambit niya sa maliit na tinig dahil bakas sa mukha ng babae ang gigil. Hindi niya alam kung bakit. Wala siyang ginagawang masama. Nagsumbong ba si Sabel tungkol kay Armando? Pero hindi rin naman alam ng kaibigan niyang bukas sila magkikita ng lalaki. Lalong hindi iyon alam ng mama niya. Kaya ano ang lahat ng ito?

“Bumati ka muna sa ninang mo. May pag-uusapan pa kami and then we will leave.”

Napilitan siyang tumango at nagtungo sa kusina, kung saan nakaroon si Ninang Amrita. Humalik siya sa pisngi nito. Pinapunta na siya ng

All rights reserved

mommy niya sa garden sa front yard. Doon na lang daw siya maghintay. Mukhang may mahalagang pinag-uusapan ang dalawa ng ninang niya kaya hindi na siya nakisali. Dinalhan siya ng kasambahay ng maiinom.

Habang naghihintay ay inilabas niya ang phone. Tiningnan niya agad kung may message sa kanya si Armando. Meron, tatlong picture nitong nakasakay na sa eroplano. Excited na siyang makita ito, kahit aminadong natatakot. Paano kung kapag nagkita pala sila in person ay hindi niya ito type? Sayang lang ang pagluwas nito.

Nagpadala na rin siya ng selfie dito at sinabing nasa bahay siya ng kanyang ninang. Hindi na lang niya sinabing mukhang masesermunan siya dahil

All rights reserved

hindi pa niya iyon sigurado.

Mula sa sulok ng kanyang mga mata ay napansin niyang mayroong dumaan. Nag-angat siya ng mukha.

*Alvaro...*

Hinding-hindi niya malilimutan ang lalaki. Bukod sa mahirap malimutan, bahagi ito ng buhay nila sa isang banda bilang stepson ni Ninang Amrita, anak ni Tito Donnie sa una niyong asawa.

Paano rin niya malilimutan ang kanyang unang totoong crush? Ilang ulit niya itong nakita dahil noon ay madalas nilang makasama sina Ninang Amrita at Tito Donnie. Sa panahon ding iyon ay nakatira pa si Alvaro sa ama nito, umalis lang para sumunod sa ina sa ibang bansa nang makapagtapos ng high school. Mas matanda si Alvaro ng

walong taon sa kanya. Noong seven siya ay fifteen ito. He was so pogi then.

“Alvaro,” aniyang kumaway nang mapatingin sa gawi niya ang lalaki.

Bigla siyang natigilan. The man was gorgeous. Pero tulad ng impresyon niya rito noon, para ba itong may pader, may distansiya. Kahit noong bata siya, ramdam niya ang aloofness ito. Through the years, napagtagni-tagni niya ang mga posibleng dahilan—his father left his mother for Ninang Amrita. Of course, there was resentment there.

Halata niya iyon noon pa man pero hindi niya matukoy kung ano eksakto ang pagkailang na nararamdaman. Basta’t napapansin lang niyang nawawala bigla si Alvaro kapag may

gathering—nagtutungo sa silid, umaalis ng bahay, at sa mga salusalo ay tahimik lang at pormal. Hindi ito nagkukuwento at sumasali lang sa usapan kung hindi direktang kinakausap. Magalang ito, pero palaging ilag.

Nang mahulaan niya ang lahat, tinanong niya ang mama niya, na sumagot lang ng, "*Mabait ang ninang mo. There are things that are simply very complicated. You will understand when you're older.*"

And that was that. Halatang ayaw pag-usapan ng mama niya kaya hindi na siya nagtanong. Anyway, na-solve na rin naman niya ang puzzle. Naitanong niya sa isip kung ganoon pa rin kaya ang samahan ng dalawa ni Ninang Amrita.

Matagal na panahon na rin naman ang nagdaan.

Walang ngiti sa mukha ng lalaki nang lumingon pero nang makita siya ay marahan itong tumango at naglakad palapit.

Bumilis ang pagtibok ng kanyang puso, nag-init ang mukha. She was blushing at his mere presence. But by God, how did he become so gorgeous? Kahit naman noon ay guwapo na nito, pero ngayon, hindi niya maintindihan kung bakit parang handa nang rumampa sa entablado. But at the same time, he was too elegant to be a model.

His cheekbones were to die for. Ang jawline nito ay hindi puwedeng hindi mapansin dahil prominenteng-prominente. May manipis itong facial

hair. His tall, dark figure was complemented by strikingly handsome features that captivated her.

“How have you been, Violet?” tanong nitong pumuwesto sa bakanteng upuan, ngumiti. “You’re no longer a baby.”

Lalo nang nag-init ang kanyang mukha. Ewan kung bakit bigla siyang napahiya nang maalala ang antics niya para mapansin nito noong bata siya. Ni hindi niya alam kung saan niya nakuha ang mga idea. She would follow him around the house and sneak inside his bedroom to convince him to marry her if not that day, then someday. Bulinggit siyang bilog noon, as in short and stout. Parang bolang paslit na nanliligaw sa isang teenager na payat. Tawang-tawa

sa kanya ang lahat. Maybe it was why they all tolerated her antics—because back then it was funny and adorable, a child's puppy love. Pero ngayong naaalala niya ay para ba siyang nahihiya.

"You're a man now," sambit niya.

Ngiting-ngiti itong bigla. Malayo na talaga ito sa dati. Noon kasi ay wala pa itong facial hair at sobrang kinis ng balat, hindi malaki ang katawan kundi yatot na matangkad. Usling-usli ang Adam's apple nito noon, parang sobrang haba ng leeg, malago ang buhok, at parang puro kanto ang mukha. To her young eyes, it was cute. He really was, too, except that was his awkward adoloscent stage, when he was still developing.

And now that he was fully developed, he had turned into a god.

"Are you waiting for your mother?" tanong nito.

"Yes. You're waiting for Tito Donnie?"

Tumango ito. "He told me to meet him here. How have you been?"

"Well. And you?"

"I've been okay."

"Are you back for good?" aniya dahil wala siya halos balita dito sa mga nagdaang taon. Ang alam niya ay sa Amerika na ito nakabase pero alam din niyang walang makakatulong sa negosyo ang ama nito. Wala talaga siyang matinong balita dahil hindi siya nagtatanong. Wala din itong social media, kung hindi man ay hindi niya

nakikita. Pero Facebook friends niya ang tatlong anak ni Ninang Amrita, na stepbrother, half-brother, at half-sister naman nito.

"Maybe," simple nitong tugon, na lalo lang nakadagdag sa misteryo ng lalaki.

Hindi maunawaan ni Violet kung bakit ganoon ang epekto nito sa kanya. Maybe because nobody seemed to really know him. Minsan siyang nagtanong sa ina, ang sabi lang nito ay hindi raw madalas magkuwento ang ninang niya tungkol kay Alvaro. Makaina raw ito pero malapit naman daw sa ama kahit paano.

She never really thought about Alvaro's life but now she had a few questions.

"Graduate ka na, 'di ba?" tanong niya.

Pa-third year na siya sa susunod na sem. Mas matanda ito sa kanya ng walong taon kaya twenty-six na ito.

Tumawa ang lalaki, para bang aliw na aliw sa kanya. Buong-buo ang tunog niyon. Napansin din niya ang paggalaw ng Adam's apple nito. Oh, he was attractive! Sobra! Biglang kumalabog ang kanyang puso.

"Yes, indeed."

"Undergrad?"

"And then some. How about you?" Ngiting-ngiti pa rin ito.

"Oh. I'm in culinary school."

"That's wonderful."

Ayaw niyang matapos ang usapan. Para pa rin siyang iyong batang hindi maalis ang pagkakatingin dito. She was mildly obsessed with him. Magtatanong

pa sana siya nang tawagin na siya ng kasambahay.

"Oh, I think I have to go. Galit si Mama sa akin," nasabi niya bago pa maawat ang sarili. Tumayo na siya, biglang naalala ang kaba.

"What have you done, little girl?" tila naaaliw na tanong nito.

Nanlaki ang mga mata niya. "Little girl?!" Una, ito lang yata ang magsasabing little siya sa laki niyang iyon. She loved food. Medyo tumaba talaga siya pero nagda-diet na siya. Pangalawa, hindi na siya girl. Dalaga na siya. Sa pagkakasabi kasi nito ay para pa rin siyang flower girl.

"Off you go now."

"Wait. Do you have Facebook or IG?"

"I don't use them."

All rights reserved

"I still wanna add you."

"You know my name."

"Oh, all right. Hindi kita nakita noon but maybe I didn't look hard enough. I really have to go." Isinukbit niya ang bag. "It's nice seeing you again, Alvaro."

"Always a pleasure, Violet," nakangiti nitong balik.

Parang may mga paruparong nagliparan sa dibdib niya.

# CHAPTER THREE

“How many times have I told you to introduce the guy to me first, anak!”

Tahimik lang na nakikinig si Violet sa mama niya dahil kagigising lang niya. Hindi pa siya nakakapagkape. Naka-sleepwear pa siyang oversized tee, nakapuwesto sa recliner niya sa sala, yakap ang isang malaking throw pillow.

Her entire house showcased her eclectic taste. Her walls were painted cream but assorted colorful paintings and retro and vintage oddities hung on

the walls. Wala siyang particular na theme, basta't lahat ng gusto niya ay inilagay niya doon. May isa siyang accent wall na dark green na puno rin ng paintings. May isang display cabinet na umaapaw sa mga koleksiyon niya ng mga gamit at abubot na nabili sa kung saan-saang napuntahan. She had a bulky sofa with a pink slipcover. Her throw pillows came in various colors as well. Her carpet was a thing of beauty that she purchased from a souk in Turkey.

Sabi ng mama niya, mukha raw bahay ng artist ang bahay niya. Because she was one. Her cakes were her canvas. Noon pa man ay mahilig na siyang gumuhit. She still kept piles of sketchbooks. Isa sa mga silid ng bahay

All rights reserved

ay library niya at studio.

“Are you sure only the tablet has been stolen?” tanong ng kanyang mama.

“Yes, ma,” buntong-hininga niya, kahit bagong gising ay nakadama ng pagkapahiya. Her last date stole from her.

“I told you to be careful!” giit ng mama niya.

Tama siguro ito. Ewan, mahirap mag-isip kung bagong gising siya at pagod pa mula sa overtime nang nagdaang araw.

Sakit ng ulo ng mama niya ang love life niya, o ang pagtatangka niyang magkaroon noon. She was now twenty-nine. Not technically NBSB pero “kinda.” Hindi siya makapayag na NBSB siya dahil nahihiya siyang aminin. Kung tutuusin, wala namang

masama doon pero sa tagal niyang nagta-try magkaroon ng boyfriend, feeling niya napaka-pathetic niya dahil hindi pa rin siya nagtatagumpay hanggang ngayon.

Kahit kay Sabel ay hindi niya sinasabi ang lahat ng misadventures niya sa love. Bukod sa nahihiya siya sa parang pagkadesperada niya, alam niya ring nag-aalala ito sa kanya. Hindi na nito kailangang malaman kung ilang ulit siyang nakipag-first date na hindi na nasundan.

To be honest, her self-esteem was shot. As in said na said. Ganoon ba siya kapangit na sa ilang naka-date niya, ilan lang ang nagyaya ng second date at ang isa pa ay bebentahan lang siya ng insurance? She remembered Armando,

All rights reserved

na okay na rin sana sa babaeng gipit sa jowa, pero halos nasuka siya sa amoy nito nang magkita na sila sa personal. The man smelled of fresh wound. Sa totoo ay may hitsu-hitsura naman sa personal kumpara sa picture, pero bukod sa natuklasan niyang nagsinungaling sa totoong edad—kuwarenta na pala—amoy kadiri pa.

Napilitan siyang sabihin sa lalaki na boyfriend niya ito nang magkita sila dahil sa effort nito. Pero after two days, nakipag-break na siya sa chat, at nang-ghost na. So si Armando ang first boyfriend niya technically, pero sino ba ang niloloko niya? Hindi ito counted. One time lang sila nag-meet at kumain lang sa Burger King. Ang kicker pa, kasama niya si Yaya Openg dahil nabisto

All rights reserved

siya ng mama niyang makikipagtagpo sa lalaki kaya siya nito pinasundo sa school in the first place. Nasira ang laptop nito at nakigamit ng kanya at doon nito nabasa ang chat nila ni Armando.

But that was a very long time ago. Hindi na nga niya halos naaalala ang hitsura ng lalaki kahit malinaw pa sa alaala niya ang amoy nito na ayaw na niyang balikan, please lang. Madami na ring sumunod ditong nakalandian niya sa chat.

After local culinary school, she and Sabel went to France. Nag-aral sila sa Le Cordon Bleu. Pero si Sabel lang ang nagka-boyfriend doon. Nang bumalik sila sa Pilipinas ay nagtrabaho sila sa big kitchens, bago nagtayo ng sarili nilang

All rights reserved

bakeshop-café. At ngayon ay kabubukas pa lang ng catering business nila, ang Luxe Feast.

Everything in her life was perfect, except for her love life—or the lack of it. Or her search for Mr. Right. Alin nga ba sa mga iyon ang totoong issue? Kung ang mama niya ang tatanungin ay lumalabas na ang huli—dahil gusto nitong dumaan dito ang lalaki bago niya i-date.

"Ma, I told you, it's not a big deal. Exag lang siguro ang sumbong ni Yaya sa 'yo." Napahawak siya sa noo pero hindi na nagawang mainis kay Yaya Openg dahil alam niya naman na ang main purpose nito sa buhay ngayon ay ang mag-espiya para sa mama niya. Kaya lang siya pinayagang magsolo sa

bahay ay dahil kasama ang matanda. No choice siya, either pumayag siyang kasama si Yaya sa bahay o hindi siya bubukod kahit almost thirty na siya. Of course, she chose to move out with Yaya. That was last year. At heto, binisto siya ng matanda. Na naman.

"Ma, ayoko namang magpakilala sa 'yo kung hindi ko pa sure."

"Kahit na!"

"Mama, I'm amost thirty!"

"And you're still very inexperienced when it comes to dating, my baby."

Hindi na lang siya umimik dahil lalo lang siyang manliliit. Totoo ang sinabi nito. Ano ba ang alam niya? Try and try siya pero never "sumakses."

After Armando came a series of first dates. Karamihan sa mga iyon ay na-

All rights reserved

meet niya sa chat. Ilan lang ang nagyaya ng second date. Among them was Jude, whom she decided to meet at L'Artisan, ang bakeshop nila ni Sabel. In all fairness, dinalaw-dalaw naman siya—hanggang hindi siya kumukuha ng insurance. Napilitan tuloy siya, mabuti na lang at maganda rin ang offer. Pero siya na mismo ang na-TO dahil halatang gusto lang siyang i-date para doon. Imagine, handang maging boyfriend niya para lang makabenta. How pathetic could a person be?

May dalawa pang nagyaya ng second date, ang isa ay ni walang pambayad sa McDonald's sa kanilang date kaya nang magyaya ng third date ay hindi na siya umoo. Ang isa naman, si Onat, ay mukhang romantic dahil sa apartment

nito siya pinapunta para daw ipagluto siya.

Nakakahiya mang aminin, pinatulan niya ang pagyayaya ni Onat sa apartment nito kahit pa nga cringe ang mga sinabi ng lalaki. Dahil sa bawat "*Palaging ikaw ang nagluluto, ako naman ang magluluto para sa 'yo,*" at "*Ipaparamdamam ko sa 'yo kung paano ako mag-asikaso,*" ay mayroon ding, "*Nakatikim ka na ba ng luto ng Diyos?*" o "*Mukhang ang sarap mo, Violet.*"

But she was intrigued. The thought of doing it with him was somewhat titillating because she wanted to experience that, and Onat looked cute. Tipong tambay sa gym bakal at ang mukha ay sa Arabo—expressive eyes, dark facial hair, big nose. And people

said that a big nose meant a big penis. Not bad. Besides, sa mga librong nababasa niya, para bang napaka-romantic ng sex. Like it was the most sensual thing a woman could experience—beautiful, sublime, wild, and oh, so passionate.

Higit sa lahat, nasa punto na siya noon na parang may kulang sa kanya dahil hindi pa niya nararansan magkaroon ng tunay na karelasyon. Pero nang dahil doon, muntikan na siyang napahamak. She thought she could get away from Onat in case she needed to. Hindi rin niya inasahan na agad niyang maiisip tumakas dahil napakadungis ng bed sheet at punda ng lalaki. Diring-diri siya, bukod sa duda siyang pinagluto siya nito dahil

All rights reserved

mukhang binili lang sa karinderya ang tatlong ulam—sinigang, menudo, at pritong bangus. Bakit dadalawang piraso ang bangus, maliit, tustato, at parehong kalahating buntot? Nasaan ang parteng ulo? At ang menudo ay halatang dalawang servings lang. Sino ang magluluto ng menudo na kompleto ang rekado pero nasa isang maliit na mangkok lang?

Na-turn off na siya nang konti but she decided to give the guy a chance. Maybe he was trying to impress her. Pero nang sabihin nitong "magpahinga" daw muna sila sa kuwarto nito at masilip niya iyon, ay kinilabutan na siya at nagpaalam. Ayaw na siyang paalisin ng luku-luko. Mabuti na lang ay nang magbanyo ito ay nagawa niyang

All rights reserved

makatalilis. Napaarangkada na niya ang kotse bago pa siya nito nahabol. Oh, she was very scared. Malaki kasing lalaki si Onat. Agad siya niyong tinext, tinakot, sinabing kapag hindi siya bumalik ay aaraw-arawin siya nito. Sa sobrang takot niya ay nag-report siya sa barangay, guard, at HOA, in case puntahan siya sa bahay. At dahil doon, nalaman ni Yaya Openg ang lahat mula sa guwardiya at sa HOA officer na nagpunta sa bahay niya. At siyempre pa, sinumbong siya nito sa mama niya.

"Explain yourself, Violeta!" Mukhang uminit na ang ulo ng mama niya. "Bakit ka nagyayaya makipag-meet sa bahay mo?!"

"Mama, diyan siya nakatira sa kabilang street!" paliwanag niya, gusto

All rights reserved

nang mapaungol. Lately, nakaisip siyang mag-jogging sa subdivision. Nakasabay niya si Jaime. He was as handsome as his name. Ang sabi ng lalaki ay dadalawin daw siya. Umoo siya. Ano bang malay niyang ibubulsa nito ang tablet niya? Anyway, nabawi niya naman nang i-message niya ito. Ang sabi niya ay nakita niya sa CCTV sa sala ang lahat kaya kung maaari ay isauli na lang nito ang tablet.

He did. Ang excuse nito ay inakala daw nitong ito ang may-ari dahil kamukhang-kamukha ng tablet nito. It was a straight out lie because hers had a violet case and stand, with lots of stickers. Pero ano ang magagawa niya kung klepto pala ang lalaki?

"I just worry about you a lot, anak."

All rights reserved

"You really don't have to."

Parang madami pa itong sasabihin pero pinili na lang na tumahimik. Siguro ay napansin na hindi na maganda ang timpla niya. She already felt so pathetic, must she make her feel even more so?

"Oh, all right. But I would really like to meet the guys you date."

"If anyone asks me out on a fifth date, maybe. So far, hanggang second date pa lang, Ma. I'm hoping to find that prince before I turn forty though," she said sarcastically. Ayaw niyang maging palasagot sa ina pero napipikon na rin siya rito. Anyway, alam din naman nito ang totoo. At napapagod na siyang pagtakpan ang kagustuhan niyang magkaroon ng relasyon. Ano ba ang

All rights reserved

masama doon? Minsan, pakiramdam niya kailangan niyang itago dahil palaging sinasabi sa kanya na mag-ingat siya, na maghintay siya at darating din, na dapat pumili siya nang matino, na nararamdaman ng mga lalaki kapag desperada ang babae, at mga ganoong bagay.

And those things offended her. But she woud smile and pretend that everyone was mistaken—hindi siya naghahanap ng boyfriend, na wala sa isip niya iyon, na hindi niya priority. She was tired of it all.

"Well, it's a Saturday today. Hindi ka ba pupunta sa L'Artisan?" tanong nito.

"It's my day off. I worked until one in the morning."

"Oh, my poor baby. Why don't you get

All rights reserved

more sleep?"

"So tapos na ang sermon?"

Umismid ito at napangiti na rin siya. Bumalik na siya sa silid at natulog. Alas-dose na siya nagising. Bumaba siya nang hindi pa rin nagpapalit ng damit. Nakaalis na ang mama niya kanina pa pero nagbilin kay Yaya Openg na pasunurin siya sa bahay ng kanyang Ninang Amrita at magdala ng cake. Doon na rin daw siya mag-late lunch.

Malapit lang ang bakeshop kaya nagpadala na siya sa delivery nila ng cakes and pastries. Dumating iyon habang naliligo siya. Bandang alas-dos pasado ay papasok na siya sa Ayala Alabang Village, sakay ng kanyang kotse. Naroon ang mansiyon nina Ninang Amrita at Tito Donnie.

Nang makarating sa bahay ng mga ito ay bumukas ang gate para patuluyin siya sa loob. Tinulungan siya ng kasambahay bitbitin ang mga pasalubong niya. Ang sabi ng kasambahay ay umalis daw ang mag-amiga.

Gustong mapadaing ni Violet. Kung ganoon pala, sana ay pinadala na lang niya ang mga pagkain. Na-traffic pa siya. At ngayon ay gutom na gutom na. Nakakahiya namang makikain kung wala doon ang ninang niya at mama.

Tinawagan niya ang ina pero hindi ito sumasagot. Noon dumating si Alvaro.

Agad bumilis ang pagtibok ng kanyang dibdib. Oh, he was still so dreamy. Maybe even more so now than before. Bihira niya itong makita, kahit

All rights reserved

pa permanente na itong nasa Pilipinas. He had been managing his father's businesses for years now. Dinig niya sa kanyang mama na napakahusay daw nito. Natriple ang laki ng kompanya sa pamamahala ni Alvaro.

Sa personal namang balita dito, dinig niya ay napakadaming babaeng naghahabol sa lalaki, bagaman mukhang walang balak mag-settle down. When she heard that, she couldn't help but think that it would be awesome to be the one to tame the beast. Pero dahil ayaw niyang pangarapin nang gising ang isang family friend, bukod sa ayaw niyang mapagalitan ng kanyang mama kung makikihabol siya sa mga babae ni Alvaro, kinimkim na lang niya ang

All rights reserved

pantasya.

May ngiting sumilip sa guwapong mukha ng lalaki. He was what Greek gods probably looked like—dark Mediterranean looks, strong jawline, deep-set eyes. But there was a wildness about him. Maybe it's the eyes. Parang kapag tumitig ang mga iyon ay hindi mo na malalaman kung ano ang gagawin mo sa mundo, pero may nakatagong pagkapilyo. Or maybe it was his hair. Everything about him was polished, but he sported an untamed hair most of the time—no hair product, thick, wavy. Although always cut clean and combed away from his gorgeous face, it was almost unruly. Or maybe it was the facial hair. Maybe the dark complexion of his skin that said he loved the

All rights reserved

outdoors?

"My dear Violet," sambit nitong naglakad palapit sa kanya. He kissed her cheek.

Muntikan na siyang napapitlag. God, he smelled so good. Bigla na lang nagwala ang kanyang puso.

"Long time," sambit nito kasabay ng isang magaang na buntong-hininga nang maupo sa tabi niya.

Magkakasunod ang naging paglunok niya. "H-Hello. How have you been?"

"I've been okay. You?"

Hindi niya alam kung mananatili sa puwesto sa sofa na halos nasa dulo ng kutson ang puwit habang nakalingon sa lalaki sa kanyang tabi at prenteng nakasandal sa backrest, o sasandal din pero aangat naman ang mga paa? Five

feet lang siya at malapad ang upuan. Matangkad si Alvaro, over six feet, kaya may excess pa sa hita nito kahit nakasandal na—straight but relaxed. Ang isa nitong kamay ay nakapatong sa hita nito, ang isang braso ay nasa sandalan. Kung sasandal siya, parang nakaakbay ito sa kanya.

"I've been great," nagawa niyang sabihin, nakangiti. Bahagya siyang umusog pero hindi magawang sumandal. How she hated being short. "Hinihintay mo ang papa mo?"

"I think there's been a misunderstanding. I thought they're gonna be here."

"I thought so, too. Hindi ko makontak si Mama. Nasaan daw ba sila? Magkasama daw sila, sabi ni Manang."

"Yes. They went to a party. Nag-message lang sa akin pagkadating ko."

Noon nag-ring ang phone niya. Ang mama niya ang tumatawag. Agad niya iyong sinagot.

"Baby, sorry, hindi na kita nasabihan. Nawala sa loob ko. Bigla akong niyaya ng ninang mo dito sa birthday ng anak ni Samira. We're with your Tito Donnie. Papunta daw si Alvaro diyan. Sumabay ka na lang sa kanya papunta dito, anak. Malapit lang naman." Sinabi nito kung saan ginaganap ang birthday party ng pitong taong gulang na pamangkin ni Ninang Amrita.

She really didn't want to go. Pero kung pupunta doon si Alvaro, why not? Tinapos na rin niya ang tawag, saka nilingon ang lalaki.

"Pupunta ka daw sa birthday?"

Tumawa ang lalaki, umiling. "No. I barely know the kid and I'm too hungry to eat children's party food. Have you eaten? Come."

"Saan?"

"Anywhere you like." Ngumiti ito.

Napatango na lang siya, parang nahipnotismo. Kahit saan siya dalhin ni Alvaro, sasama agad siya.

All rights reserved

# CHAPTER FOUR

Dinala si Violet ni Alvaro sa restaurant ng isang country club. Madaming tao dahil weekend pero mayroong VIP room, na esklusibo para sa kanila. Obviously, a man like him could find a way to eat in peace.

Binibilang niya sa isip ang mga pagkakataong nagkita sila nito sa loob ng mga taong nagdaan. Madalang na madalang. Ilang ulit na sa selebrasyon para sa ama nito o mga kapatid sa ama—may dalawa itong mga kapatid sa ama,

All rights reserved

bukod sa isang anak ni Ninang Amrita sa dati niyong karelasyon. Gayonman, hindi niya naalala ang lalaking dumalo sa birthday ng stepbrother nito.

Nakita rin niya ito ilang ulit sa ibang lugar—isang pagkakataon sa corporate tower nang mag-submit siya ng proposal for corporate events, minsan sa kasal ng kakilala niya, at dalawang pagkakataon sa gimmick.

Crush niya itong talaga. Ito lang yata ang crush niyang totoong guwapo. Weird daw siya, sabi ni Sabel, dahil iyong mga nagustuhan niya ay mga chaka. Hindi siya naniniwalang pangit ang mga iyon, pero hindi masasabing model material. Si Alvaro lang ang gorgeous sa totoong kahulugan niyon. Siguro dahil sa isip niya ay ibinubukod

na niya agad kapag pogi—hindi magkakagusto sa kanya o iba ang matitipuhan. Maybe. Wala siyang panahong i-analyze. And well, Alvaro was just different. Hindi ito talo.

Pero ngayong magkasama sila, naisip niyang why not? Sino ang nagdesisyong hindi sila talo? No, talo sila. Tataluhin niya ito.

Gusto niyang matawa sa ideyang pumasok sa isip. Para namang kaya niyang gawin iyon… pero bakit hindi? Heto na nga at nag-date na sila. Well, siguro nga hindi ito eksaktong date pero baka naman puwedeng maging ang mga susunod?

"You know, Alvaro, I make better sandwiches," sabi niya rito matapos malunok ang club sandwich.

Nakangiti ang lalaki nang tumingin sa kanya. "All right. Next time I will eat in your place." Kumagat ito. He ordered a Philly cheesesteak sandwich and it came with a side of fries. Coke Zero ang inumin nito. No dessert. Napansin din niyang hindi nito kinakain ang fries. Mukhang mas malakas pa siyang kumain sa lalaki. No wonder he was built like a Roman statue.

Ano kaya ang hitsura ng katawan nito kapag walang damit?

Lihim siyang napabuntong-hininga. She had to admit that lately, she had been fantasizing about sex more than she cared to admit. Siguro dahil curious na curious na siya, bukod sa natural na urge niya. She wanted to lose herself in the kisses of a man, his touch, his

caress. Hindi nakatulong ang romance audiobooks na pinapakinggan niya, pati ang soundgasm na kinahihiligan niya nitong huli.

"How come we never see each other anyway?" aniyang sumubo ng fries. "And how come you didn't come when I opened the bakeshop?" Bigla niya itong sinita dahil naalala niyang pinadalhan niya ito imbitasyon pero hindi ito sumipot, bagaman nagpadala ng bulaklak sa L'Artisan, bukod sa regalo sa kanya na chef's knife set na puwedeng ipambili ng kotse. It was one of the most expensive gifts she had ever received. Kaya personal niya itong binisita sa opisina para pasalamatan pero wala ito noon, nasa Europe. So she left him her gift, a small painting she made herself.

All rights reserved

Makaraan ang dalawang linggo ay nagpadala ito ng thank you card. God, he was so elegant. Pinuntahan niya itong muli, may dalang pastries, pero hindi sila nagkausap nang matagal dahil may meeting pa ito. And that was that.

“I had an emergency meeting. I told you.”

“Yeah. Gusto ko lang ipaalala sa ‘yo. You owe me a visit, you know.”

Tumawa ito, tumango. “All right. I will come one of these days.”

“Masyado kang busy, eh. Masyado kang masipag, ‘yon ang sabi ni Ninang.”

Itinaas nito ang balikat, saka sumubong muli ng sandwich. Kahit sa pagkain nito niyon na direktang hawak ng kamay ay mayroon pa rin itong

sopistikasyon. Hindi niya maiwasang pagmasdan ang lalaki.

"Eat up. I thought you're hungry?" anito.

Tumango na lang siya, bahagyang na-self conscious. Maybe she should've ordered a salad instead of this calorie-loaded junk. Hindi kaya TO dito ang babaeng kumakain ng pagkaing ganoon ka-unhealthy? But he must know she wasn't the sporty type. Obvious naman sa katawan niya. Oh, she hated this, hated being this insecure about her weight. Bata pa lang siya ay mataba na siya. Lahat din halos sa pamilya ng kanyang ama ay matataba. She never really understood how others saw fat people until she was in school.

Noong bata siya, cute ang tingin sa

All rights reserved

kanya ng mga teachers at matatanda. Pero hindi nagtagal ay narinig na niya mula sa mga kaklase at ibang tao ang pintas sa katawan niya, ang mga unsolicited health advice na nagpapanggap na may concern sa kalusugan niya pero alam niya namang gusto lang tiyaking alam niya na mataba siya at pangit para sa mga ito iyon. Hanggang sa masanay na siya roon at magrebelde in a way. Sa tuwing sinasabi ng mga itong mataba siya ay lalo siyang nawawalan ng ganang magpapapayat dahil bakit niya ia-adjust ang sarili para masiyahan ang mga ito?

But of course, she needed to keep healthy as well. Hindi naman siya lumalagpas sa limitasyon niya. Kapag nasobrahan na, nagda-diet siya, pero

All rights reserved

tanggap na niyang hindi siya magiging kasingkatawan ni Sabel. Hindi magiging flat ang tiyan niya kahit kailan. Hindi siya magiging hindi bilugan. Ang mga pisngi niya ay palaging magiging matambok, at never siyang magiging size small. Okay lang sa kanya iyon. Minsan nga lang, lumalabas ang insecurities niya. Sino ang hindi mai-insecure sa lalaking kasama niya?

Kilala niya kung sino ang mga naka-date nito. Maaaring hindi lahat pero iyong mga sikat ay nabalitaan niya. Karamihan ay beauty queens at supermodels. Meron ding ibang A-listers, socialites na mukhang mga modelo—slender, fit, beautiful. Siguro kaya rin kahit crush niya ang lalaki

All rights reserved

noon pa ay hindi niya pinangarap. Simula pa lang, bigo na siya.

Pero habang pinagmamasdan ang lalaki, para bang natutukso siyang sumubok. Ano bang mawawala sa kanya? Kaysa arya siya nang arya sa dating apps pero wala naman siyang matinong makuha. At least si Alvaro, may things in common sila at mas madali niya itong malalapitan. Makakagawa siya ng paraan.

"Who makes your lunch, Alvaro?" tanong niya bigla.

Bahagyang kumunot ang noo nito nang sumulyap sa kanya. "Why? Wanna make my lunch?"

"Yeah."

Ngumiti itong muli at tumango. "Sure."

Bigla siyang na-excite. “Do you have dietary restrictions? What do you like?”

“No restrictions, but I’d like to keep it light.”

“With a snack maybe for when you’re starving around three o’clock.”

Tumawa ito dahil mukhang gutom talaga kaninang magkita sila. Tumango ang lalaki at sinubo ang huling kagat ng sandwich. Tumingin itong muli sa kanya, nakangiti pa rin. “How come we don’t spend time together like this? We should. I like you.”

“I like you, too!” she said then blushed.

He laughed. So did she. Kasabay niyon ay kumalabog ang kanyang dibdib. Ano ang ibig nitong sabihin? Did it mean something? Maybe. Could

be! Naisip din niya ang sagot sa tanong nito. Palagi itong busy, ganoon din naman siya. Bukod pa doon, siguro may pader pa rin sa pagitan nito at ni Ninang Amrita. Mas madalas niyang makasama ang mga anak ng ninang niya. Ang dalawang bunso ay doon pa rin nakatira sa bahay ng magulang. Alvaro lived in that house when he was a teenager before moving to the States. Nang bumalik ito sa Pilipinas ay nagkaroon ng sariling bahay, at parang ibang mundong bukod sa ikalawang pamilya ng ama nito.

"So when are you bringing me lunch?" tanong nito mayamaya.

"Starting Monday."

"Great. Bill me."

Hindi na mabura ang kanyang ngiti.

All rights reserved

She had a feeling that this was a start of something very special. Hanggang sa matapos na ang kanilang pagkain at makatanggap ng tawag ang lalaki. May kailangan daw itong kausapin pero hinatid siya nito sa kotseng minamaneho ng driver hanggang sa bahay niya. Ang kotse niya ay ipapahatid na lang daw nito.

She realized she liked being taken care of. She liked that he like a real Prince Charming sweeping her off her feet.

SO THIS IS *what it's like to be with someone like him. I don't think I like it. Well, he's simply gonna have to make time for me when things get more serious. Paano na kung magkapamilya kami? Hindi puwede*

*ang ganito na palagi siyang busy.*

Parang gustong mapahiya ni Violet sa tinatakbo ng isip niya. Bakit parang magpapakasal na sila any time ni Alvaro kung magreklamo siya sa busy schedule nito? Siguro ay frustrated lang siya dahil sa ilang pagtiyempo niya ng lunch delivery ay hindi pa rin sila nagkakausap nang matagal. Minsan kasi ay tatawag siya rito at sasabihin nitong naroon ito, pero pagdating niya ay biglang may meeting o saglit lang pala niya puwedeng makausap. Hinarap lang siya nito noong nakaraan para sabihing masarap ang pagkain.

Ngayon ay heto siya, personal na inasikaso ang catering ng Luxe Feast para sa corporate meeting. Hindi siya karaniwang sumasama kapag ganitong

maliit na event lang. But this one was special.

May isang oras na siya sa executive room, naka-setup na ang eleganteng buffet table para sa matataas na tao ng kompanya. Nakita na nga niya sina Ninang Amrita at Tito Donnie na parehong bumati sa kanya at pinuri ang setup ng buffet.

Alvaro was still busy talking to some board members. Nakita niya itong may mga kausap. He was his usual self—seryoso, parang pirming may bahagyang kunot sa noo. Most people were intimidated by that brooding look. Kahit siya. Para kasing palaging mahirap na tanong na bibitiwan. He was a good boss—good but strict, she had been told. Pero umaalon ang puso

niya sa tuwing maalalang pagdating sa kanya ay malambing ang ngiti nito. He must really like her.

Mayamaya ay nilapitan siya ni Ninang Amrita.

“Alvaro is going to love the food,” sambit nitong ngiting-ngiti. Imagination lang ba niya o talagang parang may kakaibang spark sa mga mata nito? Hinawakan nito ang kanyang braso. “You should’ve worn something more casual, my dear. Next time.”

“Ninang, I’m working,” natatawang paliwanag niya. Ang suot niya ay itim na chef’s uniform.

“Yes, but you’re special to Alvaro and the family.” Dumiin ang pagkakahawak nito sa kanyang braso. “Oh, I’m so

All rights reserved

happy you two are getting along so well."

Kinakabahan na siya sa puntong iyon dahil parang may gustong tukuyin ang babae. Eksaherado at masyadong mahaba ang pagkakabigkas nito ng "so." Ang mga mata nito ay kanina pa nagniningning. Pero imbes na magtanong ay nailang siya. Isa pa, paano rin niya itatanong ang laman ng isip? Nakakahiya iyon. Paano kung mali siya? But then again, noong nakaraan pa niya napansin na may something. Gayunman ay ayaw pa rin niyang pangunahan ang lahat. Una, close na ba ang dalawa ni Alvaro? Maybe. Napakatagal na panahon na rin naman ang nagdaan kung may sibil na tensiyon sa pagitan ng dalawa, pero sapat ba ang

closeness ng mga ito para magsabi si Alvaro dito? Maybe. Kailangan niyang alamin. Itatanong niya sa mama niya.

"Oh, here he is now. I'll leave," sambit ni Ninang Amrita, umalis na bago pa makalapit sa kanya si Alvaro.

"Good afternoon," nakangiting bati ng lalaki, humalik sa kanyang pisngi.

As always, the man smelled wonderful. How she wished she could smell of perfume but she was working. Istrikta siya sa rule na bawal ang pabango sa mga tulad nila. No lotions or anything with strong scents in the kitchen and dining.

"How are you?" tanong nitong nakangiti pa rin bagaman halata niyang pagod.

"I'm well. You look tired, Alvaro."

Tumango ito nang bahagya. “Sleep’s been awful lately. I’m off to bed early tonight. Just glad everything’s in order. I don’t want to bore you with that. Tell me what you made.”

Nakangiti siyang humakbang patungo sa buffet table. She proudly presented the food she brought and chose herself.

“I know you enjoy good cheese so I put together a grazing board according to your taste.” Inilalahad niya ang kamay sa eleganteng spread. “For the cheeses, we have a good variety of soft and hard cheese. There’s triple-cream brie, Comté, Tomme de Savoie, pecorino Romano, aged Gouda, and Asiago. I thought they pair beautifully with fresh figs, wildflower honey, and

All rights reserved

Marcona almonds."

"Lovely," sambit nito.

Napatingin siya sa lalaki. May ngiti sa mga labi nito habang nakatingin sa kanya. Para bang siya ang sinasabihan nito. Kaya tuloy bigla siyang na-conscious pero nagpatuloy.

"W-We have the best cured meats here—Iberico ham, duck prosciutto, and wagyu bresaola—all delicate but full of depth. Just enough richness without overwhelming the palate. We have assorted breads and crakers, too. I included grapes, pears, and citrus supremes. Something bright to cleanse the palate. And for a touch of indulgence, Valrhona dark chocolate shards with Sicilian sea salt, pistachio nougat, and a few hand-rolled truffles.

Would you like me to make you a plate?" Tumingin siya ritong muli.

"Should be lovely, my dear."

She wanted to swoon. Kung alam lang nitong talagang ni-research niya kung ano ang gusto nito. Tumawag siya sa sekretarya nito, naghanap ng clue sa social media, kahit pa nga ang damot nitong mag-post ng pictures. Binalikan din niya ang notes tungkol sa preference ng binata na noon pa niya natanong mismo dito, nang gawan ito ng lunch menu.

She made him a plate. Napasinghap siya nang pumaikot sa kanya ang braso nito para tumusok ng Kalamata olives at isubo. Napatingin siya rito. Ngumunguya ito, habang nakatingin sa kanya. She must have looked so silly just

All rights reserved

facing him while holding a plate.

"Let me take that from you," anitong inabot ang plato.

Parang paruparo ang puso niya, may pakpak at palipad-lipad, mukhang dumapo na sa lalaki. God, he was so dreamy. Masyado lang itong matangkad para sa kanya pero magsusuot na lang siya ng heels. Hanggang balikat lang kasi siya nito.

"Why don't you grab a plate yourself?"

"I'm working, Alvaro."

"Silly girl." Ipinasa nito sa kanya ang platong pinuno niya para dito, saka kumuha ng plato at nilagyan ng pagkain. Itinuro nito ang mga nilagay sa plato. "You like these?"

Tumango siya. Hinawakan nito ang

All rights reserved

kanyang kamay para dalhin siya sa bahagi ng lounge na nakabukod at walang tao masyado. Doon sila kumain. Nagpadala ito ng maiinom sa waiter at iba pang laman ng buffet table.

"How long have you been waiting for me?" tanong nito bago sumubo ng beef Wellington bite.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Baka ma-disappoint ito kung sasabihin niyang nandoon siya para sa trabaho at hindi para makita ito. Kaya sa huli, ang sagot niya ay, "Hindi naman matagal. Tumulong din talaga ako sa setup."

"It's a very nice setup, Violet. Thank you."

*Oh, God, he's melting me*. Hayun na naman ang puso niya, tinubuan ng mga

All rights reserved

pakpak at ngayon ay lumilipad-lipad sa kaitaasan. She needed to play it cool, needed to grab the reins well. Hindi puwedeng hindi niya ayusin ang diskarte. Pero ano ang tama niyang gawin sa ganitong sitwasyon? Wala siyang alam! How she wished she had a lot more experience. Kung sana alam niya kung paano palalawakin ang kanilang ugnayan. Pero hayun at natameme siya. But something *was* there. She could feel it. Hindi lang sa mga sinabi nito, kundi maging sa sinabi ni Ninang Amrita. Ayaw lang niyang pangunahan ang lahat pero kailangan niyang udyukan si Alvaro.

"Are you gonna be busy tomorrow?" tanong niya.

"Oh, I will be in bed the entire day."

Tumawa ito at muling sumubo. "I really haven't been sleeping well lately because of this meeting but it's over now. And everything went well so I need to get some rest."

"Well, do you have food at home?"

"Don't worry, I won't starve."

"I can bring you some."

Ngumiti ito, sumubong muli, nanatiling nakatingin sa kanya. Bahagya siyang nailang.

"I mean, only if you like."

"Of course I would love that, my dear Violet."

Again, she wanted to swoon. Nalunod siyang bigla sa mga emosyong biglang nadama. Si Alvaro siguro ang sagot ng tadhana sa matagal niyang paghihintay. And he was so worth the very long wait.

"How do you find the food?"

"Perfect, as always. Thank you."

"You flatter me too much, Alvaro."

Ngumiti lang ito at nagpatuloy na sa pagkain. Nagtanong ito tungkol sa L'Artisan, sa mga plano niya sa negosyo, at nagkuwento naman siya.

"Things are going even better than we thought. Ang dami din naming events lately, to think na wala pang one year ang Luxe Feast and we're competing with industry giants. Maybe next year we're going to open a L'Artisan branch in BGC and one in Quezon City."

"Congratulations. Very well done." Patango-tango ito, nakangiti, mukhang impressed.

"We dream of one day owning an events venue as well. Pero matagal pa

All rights reserved

malamang. We need a lot of money for that. Anyway, enough about me. Tell me more about you and—" Natigil ang kanyang pagsasalita nang may lumapit na lalaki.

Tumayo si Alvaro at pinakilala sa kanya iyon, anak ng isa sa board members. Nagpaalam sa kanya si Alvaro, mukhang kailangang kausapin ang bagong dating na istorbo.

"I'll see you, Violet," ani Alvaro.

"Tomorrow," paalala niya.

"Oh, right. Wake me up if I'm still sleeping."

Nakangiti siyang tumango. Tumalikod na ito, habang siya naman ay nagbalik na sa buffet table. Nag-aalisan na rin ang ilang mga bisita. Lumapit sa kanya si Ninang Amrita at

All rights reserved

nagpaalam na rin.

"Did Alvaro say goodbye to you?"

"Yes, Ninang."

Ngiting-ngiti ang babae. "Well, I'm just so happy that you two are getting along and spending more time together. Mabait 'yon, busy lang palagi at medyo suplado."

"He's very nice to me, Ninang."

Napakatamis ng ngiti nito. "Of course, my dear."

Gusto sana niyang itanong kung ano ang ibig sabihin noon pero hindi na lang siya umimik. Darating din siya roon, kaunting panahon lang siguro. Bukas, pupunta siya sa bahay ni Alvaro. Sabi pa ng lalaki ay gisingin niya ito kung natutulog. Eh, kung tabihan na lang kaya niya?

All rights reserved

Gustong mamungay ng kanyang mga mata sa pantasya.

# CHAPTER FIVE

Hindi na pinagising ni Violet si Alvaro kay Manang Rosing, kahit iyon daw ang bilin nito. Alam niyang pagod ang lalaki at maaga siyang dumating, nine in the morning. Anyway, may dala siyang mga pagkain, tulad ng usapan nila.

Nagkuwentuhan sila ni Manang. Noon pa niya ito kilala dahil ilang taon din kina Ninang Amrita. Puti na ang lahat ng buhok nito pero malakas na malakas pa. Medyo mataba ang matanda, matangkad. Sa pagkakaalam

All rights reserved

niya ay wala itong asawa pero may mga anak.

Ang agad niyang tanong dito ay kung magugustuhan ni Alvaro ang mga pagkaing dala niya.

“Ay, oo, Violet. Basta galing sa ‘yo ang pagkain, nauubos palagi.”

“Talaga po?” Agad na nag-init ang puso niya.

Tumango ito. “‘Pakaselan pa naman niyan sa pagkain. Pero kapag ‘yong galing sa ‘yo, said. Ang sabi ikaw daw ang nagde-deliver ng tanghalian. Salamat naman at nahihirapan na akong umisip ng ipapakain doon. Dati kasi’y kung saan-saan na nag-order pero hindi talaga nagugustuhan. Kung hindi walang lasa, mamantika daw, o hindi balanse. Palibhasa, *helt konsyus*

All rights reserved

ang ina niyan. Hindi mo pa nga pala nakikilala, ano? Si Ma'am Amrita kasi ang naabutan mo."

Tumango siya. "Akala ko po si Ninang din ang naabutan ninyo?"

"Ay, hindi. Noon pa ako, noong hindi pa naghihiwalay sina Sir Donato at Ma'am Helen—iyong mama ni Alvaro. Dalawa na lang kaming natira mula noong panahong 'yon. Nang maghiwalay, napunta ako kay Sir Donato, na pinakasalan naman ang ninang mo. Iyong isa pang kasamahan kong natira, si Nanay Hilda, nandoon pa rin kina Ninang mo. Nakikita mo siguro iyon doon, iyong matandang masungit."

Natawa siya. Kilala niya si Nanay Hilda dahil ni minsan ay hindi niya

All rights reserved

nakitang ngumiti.

"Mabait naman po ba si Tita Helen?" Naki-tita na agad siya.

"Ay, oo, sobra. Mabait sa anak, palibhasa nag-iisa si Alvaro. Umuuwi-uwi naman 'yon ng Pilipinas pero sa Amerika na nakabase. Hindi na rin nag-asawa."

"Bakit po hindi na lang siya umuwi dito since nandito si Alvaro?"

"Sa pagkakaalam ko, eh, may negosyo rin doon at nandoon ang mga kapatid kaya doon na lang daw siya. Ito naman kasing si Alvaro, eh, wala namang balak 'yan pumirmi dito noong una. Dumalaw lang sa ama noon at sinabi ni Sir Donato na kung puwedeng siya muna ang mamahala at magbababakasyon muna ng anim na

buwan. Pumayag naman si Alvaro. ‘Ayun, nawili na. Sa pakiwari ko, sinadya lang ni Sir Donato na magbakasyon kasi nga’y ayaw noong una ni Alvaro na pumirmi dito. Maganda na rin kasi ang posisyon niyan noon sa Amerika.”

“Pero siguradong mas malaki ang Aethon Group,” komento niya, tinukoy ang conglomerate na itinaguyod ng lolo ni Alvaro, dating finance secretary ng bansa na nagmula rin sa private sector. Aethon began as a private equity and investment firm before expanding into luxury real estate and technology innovation.

Naging mailap ang mata ng matanda. “Siguro’y gawa ng naisip ang sitwasyon sa ama.”

All rights reserved

"Ano pong sitwasyon?"

"Eh, gawa ng hindi naman iyan komportable kay Ma'am Amrita noon pero naayos naman na at ngayon nga'y siya na ang namamahala sa korporasyon. Napakasipag niyan. Minsan kailangan ko pang ipaalala na magpahinga. Kung minsan, buong araw kung matulog, tulad ngayon. Paano'y buong buwang hindi halos nagpapahinga. Sinasabihan ko nga iyan at baka siya naman ang madale."

Violet was becoming more and more intrigued. Mabuti na lang at komportable sa kanya si Manang Rosing, hindi ito nag-aalinlangan na magkuwento. May ganoong epekto ang presensiya niya sa mga tao. Siguro dahil nakangiti siya madalas at bukas ang

All rights reserved

mukha. Sinamantala niya ang pagkakataon.

"Kilala po ninyo si Cami Armas ba 'yon? 'Yong socialite na nakaka-date niya noon?" pasimpleng tanong niya. Nabalitaan lang niya iyon social media dahil hindi naman tinago ni Cami. In fact, ito pa ang nag-post ng pictures ng dalawa, kahit pa nga walang caption na nagsasabing boyfriend nito si Alvaro.

Sumimangot ang matanda. "Hindi ko gusto 'yon. Ayaw din doon ng mama ni Alvaro, tumawag sa akin, pati ni Ma'am Amrita. Kaya siguro hindi tumagal."

"Hindi po nagpupunta dito?"

"Ay, hindi. Minsan lang 'yon nakarating dito. Matagal na rin."

"Wala po bang ibang nagpupunta dito?"

All rights reserved

"Wala namang dinadala dito iyan. Sa tagal ko dito'y iyong Cami at ikaw lang ang pinapunta." Ngumiti ito at pinisil ang braso niya. "Kung ayaw mong ipagising sa akin, eh, ikaw na ang gumising kung kelan mo gusto at ako'y susunduin ng anak ko. Nagpaalam na ako kay Alvaro. Bukas pa ang uwi ko."

Tumango na lang siya, bigla ang pagsasal ng dibdib. This was getting so real and so big! Sila ni Alvaro? OMG. Mababaliw ang parents niya sa balitang iyon. But they would be happy, she was sure. Kailangan niyang magpunta kay Master Chen, ang feng shui master ng pamilya para makakuha ng guidance. She needed to know Alvaro's sign. Were they compatible? Kailangang balanse ang yin-yang nila. Nang makaalis na si

Manang Rosing ay binilang niya agad ang mga taon sa pagitan nila ni Alvaro. Lalong sumikdo ang dibdib niya dahil perfect sila sa isa't isa.

Gusto na niyang makausap si Alvaro pero maaga pa. Siguro ay hindi na lang niya ito gigisingin. Wala namang problema kung maghintay siya maghapon dahil day-off din niya. Nanood na lang siya ng Netflix sa sala, pumuwesto sa sectional sofa paharap sa TV. Yakap niya ang isang throw pillow. She was wearing a pair of mustard slouch pants and a deep plum sleeveless top. Tinerno niya iyon sa Doc Martens niyang kulay purple din. Iniwan niya ang sapatos sa shoe rack nang dumating, itinira ang puting medyas na may disenyong mga pusong pula. She

loved color so she wore colorful clothing all the time. Binigyan siya kanina ni Manang ng house slippers.

Rom-com ang sinalang niya pero nakatulugan din ang pelikula. She was still tired from the day before. Naalimpungatan siya mayamaya at napaigtad nang mamulatang hindi na siya nag-iisa sa sectional sofa. Nasa mas mahabang bahagi si Alvaro, natutulog doon. Bakit may mga taong tulad nito na kahit natutulog, guwapo pa rin? Suot nito ay T-shirt na puti at lounge pants na gray. Nakataas ang isa nitong braso, nasa ilalim ng ulo kahit nakaunan sa isang throw pillow.

Hindi niya maiwasang pagmasdan ang mukha nito. Kahit sa pagtulog ay para bang may bahagyang kunot ang

All rights reserved

noo nito. Nawawala lang iyon kapag ngumingiti ang lalaki. She was glad he always smiled at her. Napagmasdan na niya itong kausap ang ibang tao, ilang ulit na, talagang madalas na para itong may malalim na iniisip. His face was not friendly at all, especially with those lines on his forehead. But when he smiled, his entire face transformed. He had quite a naughty grin, an open face with crinkles at the sides of his eyes.

Napapangiti siya habang nakatingin dito. Noon bumaba ang mga mata niya at napasinghap nang makita ang bulge nitong bakat sa malambot na tela ng sweatpants. God, he was huge. Bigla siyang nainitan kahit nakabukas ang aircon. Tumingin siya sa wall clock. Eleven thirty. Mas maiging initin na

All rights reserved

niya ang pagkain.

Hindi pa siya nakakalayo ay narinig niya ang bahagyang pag-ungol ng lalaki kaya napatingin siyang muli dito. Ngumiti ito sa kanya.

"Go back to sleep."

"Naistorbo ba kita? Bakit nandito ka sa sala?" Lumapit siya at naupo sa tabi nito. Malapad ang sofa, oversized.

"I was wondering why no one woke me up so I got up and saw you sleeping on my couch. You seemed very tired. Why didn't you wake me up, hmm?" Inabot nito ang kanyang kamay at pinisil.

Nilunok niya ang kabang nagpakabog sa kanyang dibdib.

"Sleep some more."

Iniisip niya kung saan siya pupuwesto

ng higa pero umurong ito para bigyan siya ng puwesto. Muntikan nang manlaki ang mga mata niya. *Oh, my God, oh, my God, oh, my God, it's happening! OH MY GOD!* sigaw ng isip niya. Tumabi nga siya rito. Ang bisig nito ay pumuwesto sa likod niya kaya napahilig siya rito. She was now in his arms, her arm on his chest. He smelled so fresh and clean. Amoy bagong paligo kahit halatang galing sa mahabang pagtulog dahil sa buhok.

Nakiramdam siya pero hindi nagtagal ay tulog na ulit ang lalaki. Hayun siya, hindi malaman kung paano kikilos. Hanggang sa ma-relax na ang kalamnan niya at pumikit. Akala niya ay hindi na siya makakatulog pero naalimpungatan siya mayamaya, nang gumalaw si

All rights reserved

Alvaro, hinaplos ang kanyang braso.

Bigla siyang naalerto na baka nabibigatan na ito sa kanyang braso kaya inalis niya iyon.

"Sorry."

"For what?" tanong nitong bahagyang maligasgas ang tinig.

"Mabigat ako."

He smiled. "How cute." Tumingin ito sa kanya, muling hinaplos ang kanyang braso. "You're cold, my dear Violet."

Naunawaan niyang iyon ang dahilan kaya nito hinagod ang braso niya. Lamigin siya, contrary to popular belief.

"G-Good..." Lumingon siya sa wall clock. It was almost two. "Afternoon."

"Good afternoon, my dear Violet." Nanatili ang banayad nitong ngiti.

Gustong-gusto na niyang marinig ang pangalan mula sa mga labi nito. “Did you sleep well?”

Tumango siya. “You?”

“Yes.”

“I will prepare our lunch.”

“Need help?”

“No need.”

Bumangon na siya at napatingin na naman sa crotch area ng lalaki. It was even bigger now. Lihim siyang napasinghap saka tumuloy sa kusina. Was that morning wood? Probably. Grabe, it was so big. Her first time might be a bit painful.

Sinaway niya ang sarili dahil sa naisip, kahit napahagikgik habang naghihilamos sa banyo. Nag-toothbrush din siya at itinaas ang

All rights reserved

mahaba at wavy na buhok. She then went to the kitchen to heat up the food. Kung puwede lang, kumanta na siguro siya. She was so incredibly happy. Halos hindi siya makapaniwala.

Mayamaya ay naroon na rin ang lalaki. Bahagyang basa ang buhok nito kaya malamang na naghilamos din. Pumuwesto ito sa counter, naupo sa stool. Nababaliw siya sa tingin nitong nakakunot ang noo pero nakangiti—like he was thinking something naughty but didn't want to say it.

"Coffee?" tanong niya.

Tumango ito. She made him one. Madaling gamitin ang espresso machine.

"Darling, I would love to help you out but please forgive me if I don't. I just

All rights reserved

don't want to."

Napahagikgik siya. "I will take care of you today, don't you worry."

"Thank you, sweet Violet."

Kung ganoon ba naman nang ganoon, lalo niyang gagawin ang lahat ng gusto nito, kabilang na kung sabihin nitong maghubad siya. What a naughty thought. Kinikilig siya pero kailangan niyang itago. Ayaw niya namang maging masyadong obvious.

Naghanda na nga siya ng pananghalian. Sa kitchen counter na sila kumain dahil sila lang naman daw dalawa.

"No plans for the day?" tanong nito.

"Just feed you."

Tumawa ito. "Why, thank you. You really should go out more and avoid

All rights reserved

doing boring chores like feeding an old man."

Natawa siya. "You think you're old?"

"My mother tells me that every single day."

Ngiting-ngiti siya nang magtanong. "She calls you everyday?"

"No. She messages me every morning to tell me that." Tumawa ito. "'How's my old baby,' she says each morning."

"Awww, that's sweet though."

"She calls me that to remind me that I need to give her grandchildren as soon as possible. Baka maunahan pa raw ako ng mga kapatid ko."

Natawa siya dahil bata pa ang mga kapatid nito sa ama. Twenty-one pa lang ang panganay at twenty ang bunso. Natukso siyang itanong dito kung

All rights reserved

pinag-iisipan na ba nito ang settling down pero nahiya siya. Bukod doon, para rin siyang kinabahan. Hindi niya alam kung ano ang posible nilang mapag-usapan kung itutuloy niya ang topic. Paano kung sabihin nitong kailangan na nilang gumawa ng babies? *Kainis, I'm so landi!*

"You're smiling," komento nito. "What about you? No grandchildren-obsessed parent telling you to have children as soon as possible?"

Hindi niya masabi ang totoo, na imbes na excitement ay anxiety yata ang hatid niya sa kanyang ina dahil nga may record siyang napapahamak sa mga lalaki. Kung bakit naman kasi lahat na lang ay kailangang isumbong ni Yaya. Kaya mas okay din ang ganitong hindi

alam ng mga ito for now, kahit pa nga parang may something na hindi sinasabi si Ninang Amrita, base sa pagkakangiti nito noong nakaraan. Naitanong niya kung makakarating kaya dito ang pagpunta niyang ito sa bahay ni Alvaro? Sasabihin kaya ni Manang?

"Actually, my father doesn't care. He wants me to enjoy life. He doesn't worry too much kasi madami kami sa pamilya. The Chinese side of the family can conquer the West Philippine Sea by themselves."

Bigla itong humalakhak. Siguro ay alam na rin nito kung gaano kalaki ang pamilya niya sa Chinese side. Ang totoo, kaunting kaugalian na lang ng mga Tsino ang natitira sa kanila. They were

now more Filipino than Chinese. Pero madami sila at walang sandaling tahimik.

"But my relatives keep telling me to have babies. At ang dami-dami nila, oh, my God."

"So you want a small family then, growing up with a lot of people?"

Itinaas niya ang mga balikat. "I'd like more than one kid. I'm an only child and I love my parents dearly but sometimes, I wish I had siblings. Kasi palaging sa akin nakatutok si Mama. Don't you sometimes feel the same way?"

Tumango ito. "Yes, with Ma. She simply has to wait. How about you? I heard you work too hard. Is that why you're single?"

"Who told you I'm single?" tanong niya bigla bagaman nakangiti.

"You have a boyfriend?" His head remained tilted downward, his focus seemingly on his plate as he toyed with his fork. But he slowly lifted his eyes to her. May kung anong kapilyuhan ang kumislap sa mga mata nito, bago tumaas ang sulok ng labi, na para bang alam nito ang sagot sa sariling tanong.

"What, you don't believe me?"

"I'm asking." Nanatili ang pilyo nitong ngiti.

Naitirik niya tuloy ang mga mata. "What else do you know about my relationship status?"

"Nothing."

"Nothing," ismid niya, napalabi, dama ang pag-iinit ng mga pisngi. Hula

niya, may narinig na ito tungkol sa kanya. Hindi na siya magtataka kung nabanggit ng mama niya kay Ninang Amrita ang kanyang dating misadventures dahil alam ng mama niya ang ilan sa mga iyon. Mabuti at hindi lahat. Bigla siyang napahiya pero ano pa ba ang magagawa niya?

Tumawa ang lalaki. “I just heard you work too hard, Violet. That’s it.”

“I heard the same thing about you.”

He smiled and nodded. Sumubo ito. She brought him roast beef, vegetable gratin, soup, and dessert. The food was yummy but the man was even more so.

“I love what I do.”

“So do I.”

Muli itong tumingin sa kanya habang bahagyang nakatungo. Naroon na

naman ang kunot ng noo nito kahit nakangiti. Hindi niya alam kung gusto niya ba na hindi niya mabasa ang tumatakbo sa isip nito na para bang napakapilyo.

"You remember the time you were yay tall?" Nagmuwestra ito kaya agad niyang naunawaang ang tinutukoy ng lalaki ay noong bata siya.

"And you were a lanky teenager," paalala niya.

"True, true." Tumawa ito habang patango-tango. "I just can't believe you're grown. But so adorable still."

Saglit siyang natigilan. Adorable? Ayaw niyang maging adorable. Pangbata iyon. Pangbatang chubby na siya noong araw. Kunsabagay ay alanganin naman kung sasabihin

All rights reserved

nitong sexy na siya ngayon dahil tahasang pagsisinungaling iyon. Imposible rin namang makita siya nito bilang bata pa rin. Well, maybe he just meant he found her cute. He said she was grown, after all.

Nagkuwentuhan sila habang umiisip siya ng paraan para lumandi. Pero nag-ring ang phone niya, ang tita niya ang tumatawag.

“Where are you? Kanina ka pa namin hinihintay! Bumaba ang sugar ng Auntie Del mo kaya pinakain ko ng candy. Anong oras dadating ang pagkain?”

Bigla ang pagsabog ng mainit na pakiramdam sa kanyang ulo nang maunawaan kung bakit siya tinawagan ng tiyahin. “I’m on my way, Tita. I’ll be

there in an hour! Bye!" Nagmamadali niyang tinapos ang tawag. "Oh, my God! I totally forgot, it's my cousin's gender reveal party today! I have to go. Are you gonna be okay?"

"Of course. Are you?"

"Yes! I have to go!" Nagmamadali na siyang dumausdos ng stool kahit hindi naman iyon mataas masyado. Nagpa-panic siyang tumawag sa L'Artisan kitchen habang tumatakbo patungo sa tabi ng front door kung saan mayroong upuan. Inilapag niya sa tabi ang phone habang isinusuot ang Doc Martens.

Sumagot ang kitchen ng L'Artisan at sinabi ng staff na on the way na ang pagkain sa event. Na-late lang ng ten minutes. Para siyang nakahinga nang maluwag, saka na-realize na exag lang

ang tiyahin niya. The party should start in an hour. Setup was supposed to start ten minutes ago. Palibhasa ay palaging nauuna sa oras ang mga matatanda at hindi puwedeng gabihin kaya nag-follow up agad ang tiyahin niya.

Bigla tuloy siyang natigilan at napabuga.

"Everything all right?" tanong ni Alvaro, lumapit at naupo sa sahig para isuot sa kanya ang sapatos.

Halos mapatulala siya rito, pero tumango kahit biglang naguluhan ang emosyon. Nakatingin lang siya habang isinusuot nito sa kanya ang boots. Ito ang naghigpit ng sintas ng mga iyon at nag-ribbon.

"All good," he said. "Let me take you."

"No, masyadong abala. Besides, I

brought my car."

"All right, if you're sure."

"I am. Thank you."

Tumayo ito at hinigit siya patayo. Kulang na lang ay background music, puwede na sila sa Koreanovela.

"Come," he said. Hawak nito ang kanyang kamay nang ihatid siya sa sasakyan. "Thank you for spending time with me, my dear Violet. I hope I wasn't too boring."

Awww, he was too sweet. "Never. You will never be boring. Sorry for leaving like this. Nawala talaga sa isip ko."

Pinagbuksan siya nito ng pinto ng sasakyan. Lumulan na siya, saka binuhay ang makina para maibaba ang bintana. Binuksan ng guwardiya ang gate. Ipinatong ni Alvaro ang bisig sa

bintana niya.

"You sure you don't want me to drive you?"

"Yes. Don't be silly."

"All right. Off you go." Dumukwang ito para hagkan siya sa pisngi. "You take care."

Tinapik nito ang kanyang pinto. Halos wala sa sarili na siyang nag-drive palayo, muling kumaway sa lalaki nang makalabas ng gate, saka pinatakbo ang sasakyan, malakas ang sasal ng dibdib.

She had a feeling that man would be her first boyfriend very soon.

All rights reserved

# CHAPTER SIX

Gustuhin man ni Violet na unahin ang love life ay hindi niya magawa dahil events season. Adulting was very hard, especially if one was managing big businesses. May mga pagkakataong gusto niyang sabihing "time first," kung puwede nga lang. But she was grateful for all the success. Hindi niya puwedeng tigilan ang trabaho dahil lang sa nagbabagang issue—hindi siya makatodo ng landi.

Nakuntento na lang siya sa pa-

All rights reserved

message-message kay Alvaro. On one occasion, he gifted her with the complete collection of Julia Child's first edition cookbooks, some of which were signed. Galing ito sa America at iyon ang pasalubong sa kanya na pinadala sa driver nito. Nasa bahay siya nang makita ang laman ng paper bag kaya hindi niya ito nayakap at ginusto man niya itong personal na pasalamatan ay hindi na nagtugma ang mga schedule nila, lalo na at nagpunta rin sa ibang bansa ang lalaki. Na naman.

And so now, she was missing the man but couldn't do anything about it because he was in the States again. Nahihiya rin siyang istorbohin ito kaya nagte-text lang siya kapag may naisip siyang magandang sabihin. At

All rights reserved

nauubusan na siya ng mga dahilan para padalhan ito ng message.

"O, anong problema?" tanong sa kanya ni Sabel.

"Huh?"

"Ang lalim naman ng buntong-hininga mo," nakangiti nitong sabi.

Sabel was one of the most beautiful people she knew. Hindi lang sa pisikal, kundi pati sa ugali. She was kind, generous, and smart. Medyo parang hindi lang naging smart sa lalaking pakakasalan. Not that she thought her fiancé was horrible, it was just that she believed Sabel could do better. Pero lately ay naisip niyang baka naman dahil lang sa kinukumpara niya ang fiancé nito kay Alvaro. Siyempre, lahat ng lalaking itatapat dito ay lalabas na

inadequate. God, she really missed that man.

Pinapatuloy niya ang pagbuo ng sugar flowers. She made thousands by hand for a special wedding cake. Iyon ang isa pa sa mga dahilan kung bakit punong-puno ang oras niya. Ikakasal si Angeline, pinsan niya, at ang cake ay pupunuin ng sugar flowers. May mga puwede namang tumulong sa kanya pero mas maganda pa rin ang mga gawa niya. It was her expertise. Gumagawa na rin siya ng para sa cake ni Sabel dahil malapit na ang kasal nito. And hopefully, soon, for hers and Alvaro's.

"I miss him," pagtatapat niya sa kaibigan.

"Who?"

"My man, who else?" Napatirik ang

kanyang mga mata. Para kasing hindi naniniwala minsan si Sabel sa kanya kapag sinasabi niyang may mutual understanding na sila ni Alvaro. But it was true. Base sa mga message nila sa isa't isa, sa mga regalo nitong mamahalin, sa pagtawag nito sa kanya at pagtatanong kung ano ang gusto niyang pasalubong, at ang mga pagkakataong nagkasama sila kahit pa nga hindi iyon madalas. They had slept together—as in literal na nakatulog nang magkatabi. Ano pa ba ang ibig sabihin ng lahat ng iyon?

Honestly, if a man didn't want her, why would he put so much thought into his gift? Ni hindi siya nito kailangang regaluhan ng kahit na ano, pero napakahirap hanapin ng bigay nito at

sigurado niyang hindi rin biro ang halaga. Bukod doon ay bagay din sa kanyang propesyon. A man wouldn't invest that much time and work into finding a present unless he felt something special for the recipient.

Lahat ng mga bigay nito, lahat ng thoughtfulness, ay nakatabi sa isang kahon sa kanyang isip na pirming nakabukas para mapangiti siya sa tuwing pagod na pagod na, nalulungkot dahil matagal na silang hindi nagkikita, o nagdududa. Quite frankly, she didn't want to share her thoughts about Alvaro with anyone anymore. Hindi lang naman si Sabel ang parang hindi kombinsido sa claims niya, kahit ang kasambahay nitong si Tisay, ang kapatid nitong si Iggy, at ang pinsan

niyang si Tanya na nag-iisa niyang pinagkuwentuhan sa loob ng kanyang pamilya.

Her mother always asked about Alvaro as well. Hinala niya ay naikukuwento dito ni Ninang Amrita ang lahat. Minsan niyang inusisa ang mommy niya ay sinabi lang nitong balita daw nito ay regular silang nag-uusap ni Alvaro. Paano naman nito malalaman iyon kung hindi nagmula kay Ninang Amrita? At paano naman malalaman ni Ninang Amrita kung hindi mismo nagmula kay Alvaro?

In short, Alvaro had been telling his family about them. *Them*. It was only a matter of time before they became official pero parang ganoon na rin naman. She always referred to him as

All rights reserved

"her man," simply because he was. Hindi siya maniniwalang may iba itong pinagtutuunan ng pansin. No way.

"Kelan daw ba siya uuwi?" tanong ni Sabel.

"He didn't say."

Hindi ito umimik pero parang nahuhulaan niyang gusto nitong sabihin na bakit hindi niya alam. Tuloy ay naging defensive siya.

"You know, he's different from others. He's a very important man, so his schedule changes all the time."

"Okay. Matagal na rin kayong hindi nagkikita."

"Yeah. You know, it's a necessary sacrifice. I mean, ganoon din naman sina Ninang Amrita at Tito Donnie noon, sa pagkakaalam ko. Kasi nga

All rights reserved

hindi naman madaling mag-manage ng ganoon kalaking negosyo. I mean, the man is super important," pagbibigay-diin niya dahil iyon ang totoo.

Alvaro was a billionaire. Hindi biro ang mga negosyong hawak nito. Palagi itong nasa mga meeting, ni wala na halos oras para sa sarili. Nakita rin niya ang mga importanteng tao sa kompanya at malalaking tao ang mga iyon. Mabuti sana kung tulad lang ito ng kung sinong lalaki na madali lang makalibre ng oras para sa girlfriend. Well, technically, hindi pa sila pero darating sila doon. Soon.

"So saan tayo sa Monday?" muling tanong ni Sabel.

Napaisip siya hanggang sa maalala na birthday nga pala niya sa Monday. "Oh,

All rights reserved

my God, I almost forgot. I don't know. Sunday ang kasal ni Angeline so I'm gonna be pretty tired on Monday. Saturday naman naman ang lunch namin sa bahay. Maybe let's celebrate next weekend?"

"Sure. May I bring Andrew?" tukoy nito sa fiancé.

"Of course," sagot niya dahil alam niyang palagi na nitong kasama lately ang lalaki.

Kahit hindi niya eksaktong gusto si Andrew para sa kaibigan ay naiintindihan niya rin kung bakit ito ang napiling pakasalan ni Sabel. Stable ang tingin nito kay Andrew. What she had with that man was probably the most stable relationship she had. Sa palagay niya ay walang masamang mag-

settle. Pero siya ay hindi iyon gagawin ngayong nasa buhay na niya si Alvaro kahit pa nga noon ay pinag-iisipan niya iyon.

Bago kasi "maging sila" ni Alvaro ay naitatanong na niya sa sarili kung ano ang gagawin sakaling hindi dumating ang Prince Charming niya. She even wondered if maybe she was just living in a fantasy world where an almost perfect man existed. Mulat naman siya sa mga uri ng lalaking nakaka-date niya at alam niyang malaki ang posibilidad na pumili na lang siya ng isang makakasundong mabait. Someone who would love her and she would love in return. Kahit hindi tulad ng pagmamahal na na-imagine niya. Kahit ang spark ay hindi tulad ng pinangarap

niya.

But the universe sent Alvaro her way so that settled it for her. She had a man and he was hot as hell. She felt kind of sad for Sabel but she was sure that Andrew was a solid option. Lalo na at nasa edad na sila. Iyon siguro ang isa sa mga dahilan kung bakit masaya siya talaga sa nangyayari sa kanyang love life. Aminado siyang kinakabahan na siya nitong huling dalawang taon. The clock was ticking and she was still a virgin, no real boyfriend since birth. Of course, she wanted a family. She wanted children. Kung hindi pa siya magkakaroon ng boyfriend ngayon, baka hindi na siya magkaroon ng mga anak. Mukha namang nagmamadali na rin ang mommy ni Alvaro kaya kapag

kinasal sila, malamang na magkaroon sila agad ng baby.

She was tired of telling herself to stop fantasizing. Palagi na lang niyang natatagpuan ang sarili noong nakaraan na sinasaway ang sarili, puno ng self-doubt—na hindi siya good enough kay Alvaro kaya nangangarap lang siya nang gising; na huwag niyang bigyan ng malisya ang lahat; na kung nagdududa ang ibang tao ay baka dapat ding maramdaman niya iyon. Pero naisip niyang nakakasawa nang siya mismo ang gumagawa ng paraan para mawalan ng self-confidence.

Naisip din niyang hindi naman kasi naranasan ng mga nakakaalam ang lahat kaya hindi naniniwala ang mga ito, kung hindi man ay may

All rights reserved

magdududa. Idagdag pang hindi tradisyonal na lalaki si Alvaro na madalas tinatawagan o pinupuntahan ang significant other. It was just that he was a busy man, but she needed to be confident that he was her man. Dahil sa mga nangyari at sa pagme-message nila, lalo na sa regalo nitong meaningful sa kanya.

Nakitulong sa kanya si Sabel hanggang sa magyaya na itong umuwi. Pagod na pagod siya kaya nang makarating sa bahay ay agad nang nakatulog matapos magpunas. Kinabukasan ay nag-lunch siya kasama ang mga magulang, matapos ay nagpunta sa L'Artisan kitchen para ikabit ang sugar flowers sa cake. Ilang oras din bago siya natapos. Muli siyang

All rights reserved

umuwing pagod pero kinabukasan ay nagising para maghanda para sa kasal ng pinsan. Bridesmaid siya. Ang cake ay may nakatoka nang maghatid sa reception venue.

The wedding was happy. She was happy. Kahit pagod, all smiles siya. At kung noon ay kinakabahan siya sa tanong ng mga tiyahin tungkol sa love life, ngayon ay sinasabi niya sa mga ito na, "*Maybe I'll introduce someone special soon*." Nilakipan niya iyon ng isang misteryosong ngiti.

Gabi na siya nakauwi. She took a long warm bath to soothe her muscles, dried her hair, and lay in bed. Nakatingin lang siya sa phone, naghihintay ng message ni Alvaro. Alam nitong birthday niya dahil sinabi niya noong nakaraan. Pero

All rights reserved

baka nalimutan sa dami ng kailangang gawin, isa pa ay nasa Amerika ito kaya iba ang oras doon. Still, she had to admit that she was expecting him to remember. Alas-dose pasado na pero wala pa rin itong message. Ang may message ay sina Sabel, Tisay, ang parents niya, ang mga pinsan niya sa group chat. Bukas, siguradong madaming iba pa.

Pero isa lang ang hiling niyang matanggap.

Nakatulugan na niya ang paghihintay. Sa sobrang pagod ay tinanghali rin siya ng gising. Tinawagan niya ang mama niya, tulad ng bilin nito, at makaraan nilang mag-video call habang nakahiga siya sa recliner sa sala ay nagtungo siya sa

kusina. May nakahanda nang pagkain para sa kanya si Yaya Openg. May regalo ito sa kanya, tulad ng taon-taong nangyayari. May cake ding pinadala si Sabel.

Nang makakain ay nag-stay siya sa sala, nanood ng Netflix kahit halos wala doon ang atensiyon kundi nasa phone. Dalawa ang oras sa screen niya, isa sa Pilipinas at isa sa kung nasaan si Alvaro, at ngayon ay nasa New York ito. Samakatuwid, kung alas-dos ng hapon sa Pilipinas, alas-dos naman ng madaling araw sa Amerika. Mukhang hanggang madaling araw siyang maghihintay sa pagbati ng lalaki. Frustrating din, aminado siya. Sana kasi ay pag-usapan na nila ang estado nila. She was excited to move forward

with the relationship.

Nakatulog siya mayamaya at nagising na papadilim na. She took a quick shower and checked out her socials. Nagpasalamat siya sa mga bumati, tiningnan kung sumilip na sa messaging app ang kanyang boyfie na hilaw, at nanlata nang makitang online ito ten minutes ago. Baka naalimpungatan lang, naisip niya.

She imagined him in a nice Manhattan apartment, alone in his bedroom, probably too tired to do anything else. Sobra kasing sipag.

Tamad na tamad siya habang nasa recliner. She had nothing on except an oversized tee that reached her thighs. May mga araw na tulad noon na talagang nagbabawi siya ng lakas.

Before she knew it, she was fast asleep again.

Nagising siya nang makaulinig ng tinig. Pagmulat ay napaigtad siya nang makita ang lalaking ilang linggo nang laman ng isip.

"Happy birthday, my dear Violet," he said with a smile.

Agad siyang bumangon para yakapin ito. She didn't care about anything else. Hindi niya alam kung bakit parang gusto niyang mapaluha. She was suddenly overwhelmed. Ikinulong niya ang mukha nito sa mga palad at hahalikan sana ito nang maunawaang kagigising lang niya. Naitakip niya ang kamay sa bibig.

"Did you come from the airport?"

Tumawa ito, ibinaba ang kanyang

kamay, at dinampian siya ng halik sa labi. She was stunned. Dampi lang iyon pero natulala pa rin siya.

"I arrived this morning. I wanted to come here but I was too tired so I slept first. I wanted to surprise you. What are you doing sleeping on your birthday, sweetheart?"

"Wala naman akong pupuntahan. Wait, let me brush my teeth first. Come, I will make you something to eat." Bumangon na siya at hinigit ang kamay nito papunta sa kusina. "Wait here..." Tumalilis na siya patungo sa banyo na katabi ng kusina. She brushed her teeth and freshened up.

Tiningnan niya ang hitsura sa salamin at biglang natigilan. Nawala sa loob niya ang kanyang suot. Bakat ang

All rights reserved

kanyang dibdib sa oversized tee na umaabot lang hanggang sa singit niya. Ang mga pata niya ay kitang-kita rin, wala ni katiting na thigh gap at mayroong cellulite.

Maliwanag ba sa kusina? Nakita ba nito ang dimples sa pata niya? Dapat pala ay pinatay muna niya ang mga ilaw. O sana ginising siya ni Yaya nang dumating si Alvaro para nakapagpalit siya. Nasaan na ba ang traidor? Probably in her room. Hapon hanggang gabi ay hindi na ito lumalabas ng silid kung hindi niya tatawagin at karaniwang nanonood ng paborito nitong shows sa YouTube, kundi man ay kausap ang senior na AFAM na nakilala nito dalawang buwan na ang nakakaraan. Kung minsan, *lampake* na

All rights reserved

ang matanda dahil in love.

And how could she blame her when she was, too?

Magpapalit na lang siya ng damit. Nang lumabas siya sa banyo ay nakita niya si Alvaro na nakasandal sa counter, effortly gorgeous. Ang mga mata nito ay nakatingin sa kanya. Madalas na naiilang siya sa ganoong pagkakataon pero pinagbigyan niya ang sarili at pinagmasdan din ito. He wore a white polo shirt and a pair of khakis. Black house slippers ang nasa mga paa nito. Malamang na binigay dito ni Yaya dahil bawal sa bahay niya ang nakasapatos, tulad din sa bahay nito. Mukhang bagay na bagay ito sa bahay niya. Puwedeng huwag na itong umalis. God, his refinement and dominance made her

All rights reserved

stomach flutter. Bakit kahit nakatayo lang ito doon at nakatsinelas ay napakaeleganteng tingnan?

But it was the way he looked at her that sent a rush of heat curling deep in her belly.

Like he had never truly seen her before. Like he was seeing her now—and liking every inch of what he saw. O baka naman imahinasyon lang niya at nakikita lang niya ang mga gustong makita.

Napasinghap siya nang maalala ang kanyang suot. Her panties were the usual comfortable white cotton. Did it conceal just how turned on she was? It probably didn't because Alvaro's gaze dragged over her, pausing at her thighs.

"Y-You must be starving," bulalas

All rights reserved

niya, naiilang, biglang gustong punan ang tensiyong kumakalat sa pagitan nila.

Tumaas ang sulok ng labi nito. “Baby, you have no idea.”

# CHAPTER SEVEN

Alvaro's words sent a shiver down Violet's spine. Muli na naman siyang napasinghap at sana ay hindi nito narinig. Napapatanong na siya sa sarili kung itutuloy pa ang pagpapalit ng damit dahil natutukso siyang tingnan kung saan hahantong ang lahat ng ito.

Why not? Why the hell not?

Pumihit siya at nagtungo sa maliit na walk-in pantry, kahit wala naman talagang kukunin doon. Kailangan lang niyang mag-refocus dahil hindi na niya

All rights reserved

maalala ang gagawin. Nanatili lang siya sa pintuan ng maliit na silid sa sulok ng kusina. Sa gilid ng mata ay nakikita niya si Alvaro na nakasandal pa rin sa malaking island. She could tell he was looking at her.

*Shit. Ano nga ang kukunin ko? Ano nga ang gagawin ko? Ah, mag-iinit ng pagkain. Ano'ng ginagawa ko dito?*

Out of the corner of her eye, she saw the man move. Kung bakit bigla siyang kinabahan at napapasok sa loob ng pantry. Punong-puno iyon ng stocks dahil minsan kapag day off ay test kitchen niya rin ang kanyang kusina. Tumuntong siya sa mababang ladder para abutin ang isang bag ng potato chips.

Kinailangan niyang tumingin sa

All rights reserved

pintuan dahil naroon na si Alvaro, nakasandal sa hamba niyon. He was looking at her the way he always did—his head slightly tilted downward, while his eyes were locked onto her. It was as if he was in deep thought, as if he was assessing her, or contemplating his next words… or maybe he was intrigued. And that look commanded attention without any effort at all. And it made her feel… completely seen. Kaya siya nako-conscious dito. Hindi siya sanay maging center of attention dahil kapag ganoon ay iba ang naha-highlight sa kanya—puro negative: ang kanyang katawan, kawalan ng boyfriend, dating disasters, et cetera.

But Alvaro's attention was on her in a good way. And it was making her feel

uncomfortable but in a good way as well. It flattered her but at the same time, stressed her out! Ano ba ang naiisip nito?

At dahil maliit lang ang pantry kumpara sa laki nito, nanuot sa ilong niya ang bango nito. God, how she loved the scent of him—woodsy, spiced, warm. And that wrapped around her as he stepped closer. Inalalayan siya nitong makababa sa stepladder kahit isang baitang lang naman iyon.

Siguro ay mukha siyang tanga dahil bigla siyang pumihit nang hindi magawang salubungin ang tingin nito. Nagkunwa siyang tinitingnan ang ibang items sa shelf, kahit nalulunod sa presensiya ni Alvaro. He was so close she could feel his body heat pressing

All rights reserved

into her back.

"My dear Violet," he murmured.

She was warm all over. Hindi niya kayang ipaliwanag ang lahat ng ito. Lumulutang ba siya? Ano na ba ang nangyayari? Ang tanging tunog na kumawala sa kanyang mga labi ay, "Hmm?"

Hindi ito sumagot. Sa halip ay dumampo sa batok niya ang mga daliri nito, mainit, sadya.

"Hold still," he whispered, his voice deep and sensual.

May malamig na bigat na lumapat sa kanyang balat. Bigla niya iyong kinapa at tiningnan. Kuwintas. It had a delicate pendant—coffee grains sculpted in gold, each adorned with tiny diamonds that caught the light.

His birthday gift to her.

Alahas ang bisyo ng lola niya at lahat ng tiyahing Chinese, bata pa lang ay tinuruan na siyang sumipat ng diamonds at ginto, kaya isang tingin pa lang, alam na niyang branded ang alahas base sa design at pagkapino ng engraving.

"Alvaro, I—"

Hindi niya naituloy ang sasabihin nang bahagyang mahigit ang paghinga nang dumampi ang mga labi nito sa kanyang batok. It was a slow, lingering press of his mouth. And then he opened his lips because she felt his breath on her skin. Her body jolted, breath catching in her throat.

"Do you like it?" he whispered.

Tumango siya, hindi magawang

All rights reserved

makapagsalita.

"Good." Dumulas ang mga kamay nito pababa sa kanyang mga braso at bumaba pa patungo sa kanyang balakang, saka siya hinigit para maglapat ang kanilang mga katawan.

*And she felt it.*

Hard. Thick. Heavy.

Alvaro's cock pressed against the swell of her ass, straining through his khakis. A pulse of arousal surged straight to her core, her panties already damp.

"Alvaro," sambit niya, ang mga daliri ay humigpit ang pagkakahawak sa shelf.

"You're trembling." His voice was softer now, his lips grazing the shell of her ear. "Is this something new to you,

my dear Violet?"

Magkakasunod ang naging paglunok niya. Gusto niyang itanggi dahil parang nahihiya siyang aminin na sa edad niyang iyon ay never been kissed pa rin siya, pero sa huli ay naisip niyang mas mapapahiya lang siya dahil malamang naman na natanong nito iyon dahil na rin sinabi ni Ninang Amrita na wala pa siyang nagiging boyfriend. Of course, it had to be that. Ang mama niya ay walang itinatago sa best friend nito.

"I—I've never..." Natapos ang sasabihin niya sa isang halinghing. Hindi niya mapigilan.

A low, satisfied growl rumbled in his chest, like a sleeping beast stirring awake. His fingers tightened on her waist, possessive but careful.

All rights reserved

"Then I'll take my time," he promised, his grip tightening.

Muli ay may isang halinghing na kumawala sa kanyang mga labi. God, his groans were so fucking hot. Hindi niya napigilan ang sariling sabihin, "I l-like the sounds you make."

Agad siyang nagsisi sa nasabi dahil parang alanganin sa sitwasyon. Hindi pa siya marunong mag-dirty talk pero maano ba at makakarating din siya doon?

He sounded amused when he spoke. "Oh? You like it? Say that again, sweetheart." Lalo nang humigpit ang pagkakahawak nito sa kanya, lalo siyang hinapit. "Tell me exactly what you want."

Sa puntong iyon ay ni hindi na niya

All rights reserved

hawak ang mga kinuha sa pantry at nailapag na niya sa shelf.

"I w-want to hear your moans..."

"What else?" he whispered as his hand slid inside her tee to thumb the peak of her breast.

"I w-want you to tell me how I make you feel," she said.

"God, I want you," he said with that low sexy voice.

"Tell me how much," lakas loob niyang sabi.

"You want me to tell you how bad I want to fuck you?" he said, perfectly understanding what she wanted to hear from him. His hand teased her breast. "How hard I am for you? How soft you feel against me?"

Nanlambot ang mga tuhod niya.

Ipinihit siya nito, hinaplos ang kanyang pisngi. His eyes were dark, primal, yet gentle. Lakas-loob na bumaba ang mga kamay niya sa pantalon nito. She touched the bulge there. He took of his shirt. And then she unzipped him, letting his pants fall to the floor. She was almost trembling as she freed his cock.

"Look at me," utos nito.

Tumingala siya sa guwapo nitong mukha. She realized her mouth went dry.

"Tell me what you want to do to me, Violet."

Could she really? Kaya ba niyang sambitin ang mga gusto niyang gawin dito? Would it be too forward to tell him that she wanted to trace the V-line on

his sides with her tongue? The V should lead her to the cock that stood thick and proud, the tip flushed, a bead of precum glistening at the slit.

She realized she was more than ready for this. She had probably been preparing for this for a very long time.

"I w-want to lick you all over," she whispered, looking him in the eye.

He thumbed her cheek, his eyes fierce. He kissed her lips. It was a soft kiss that turned so hot she thought she would run out of breath from the excitement, the heat. Binuhat siya nito palabas ng pantry, saka inupo sa kitchen island. Itinukod nito ang mga kamay sa pagitan niya. He kissed her again.

Bigla siyang napasinghap sabay tulak

dito nang maalalang hindi nila solo ang bahay. Ano na lang ang gagawin ni Yaya Openg kung makikitang may isang lalaking hubad na hinahalikan siya?

"What's wrong?" he asked.

Pupunta sa silid niya o ila-lock ang pintuan ng kusina? Wala nang saplot si Alvaro. It seemed impossible to get that hard cock inside of his pants now.

"C-Can we lock the door?"

"Of course," he whispered into her lips before walking to the door, completely unbothered by his nakedness. Every movement was slow, deliberate, like he wanted her to watch him.

Napalunok siya nang itaas nito ang simpleng slide latch na siyang tanging lock ng pintuan. Her eyes trailed lower,

All rights reserved

drawn to the tight curve of his ass. Hard muscle, pure strength and definition. Every flex, every shift was effortless perfection, and she hated how much she wanted to reach out, just to see if it felt as good as it looked.

Nang marinig niya ang marahang click ng latch ay napalunok siya. This was happening. *And he was naked*. Hindi pa rin siya makapaniwala at hindi rin magawang alisin ang pagkakatitig dito.

God, he really was huge. The sheer size of him sent a rush of heat through her, a mix of awe and nervous anticipation tightening in her chest. Veins traced along the hard length, leading to a swollen, glistening tip that looked almost too much for her.

She wanted to look away, wanted to find words, but all she could do was sit there, pulse hammering, as she tried to process just how real this moment was. Noon siya napatingin sa mukha nito. Amusement was written there because he caught her staring at his erection. Bigla siyang nag-iwas ng tingin, nakagat ang labi sa pagkapahiya.

"Feeling shy now, babe?" he teased, stepping closer, his body radiating heat.

Napasinghap siya nang marahan nitong haplusin ang kanyang hita, saka siya muling hinagkan sa mga labi. Oh, he kissed so well. Mabilis siyang natutong tumugon. Nag-uumpanaw ang mga sensasyon at emosyon niya. She wanted all of him—every touch, every breath, every ounce of heat he

pressed into her.

Was it possible to inhale him, like a warm, magical incense, thick and intoxicating, and let him seep into her system, flooding her senses, consuming her from the inside out?

Bigla siyang napaigtad nang marahang magtungo sa pagitan ng mga hita niya ang kamay nito. His warm fingers felt her there.

"You're soaked for me," he murmured, voice thick with appreciation.

Napaungol siya. God, she loved when he talked like that and be all possessive. *Soaked for him*. Yes, she was indeed.

Muling naglapat ang kanilang mga labi, mas mainit sa pagkakataong iyon.

She gripped his shoulders tightly as

All rights reserved

he hooked a finger into the edge of her underwear, pulling it aside, letting nothing stand between them. A strangled sound escaped her lips as his fingers slid through her slick heat, gliding effortlessly, exploring her with slow strokes.

“Just like that,” he muttered against her mouth. “So wet for me.”

Hinubad nito nang tuluyan ang kanyang panloob, saka nagpatuloy. She gasped as he teased slow circles over her clit before dragging his fingers lower, tracing her pussy that was aching for him. Every movement was unhurried, deliberate, like he wanted to commit every inch of her arousal to memory.

She could barely think, barely breathe, lost in the slow, maddening

All rights reserved

rhythm of his fingers. Wala man siyang maisip na mga salita, tumugon naman ang katawan niya—lumiyad, idiniin ang sarili sa kamay nito. She surrendered completely.

Then, as if unable to resist, he slid his fingers through her wetness once more before pulling them away.

Lango sa sensasyong sinundan niya ng tingin ang galaw nito at napasinghap muli. He brought his slick fingers to his cock, spreading her moisture over himself with a low groan. She bit her lip to stop herself from moaning too loudly. God, she had never been so aroused before.

"Violet," he breathed, stroking himself slowly, savoring the sensation. His gaze locked onto hers, dark and

All rights reserved

intent. “You feel so damn good on me.”

There was something incredibly intimate about the way he enjoyed it—like he was indulging in the pure decadence of her.

Then, before she could process it further, he was on his knees, his grip firm on her thighs as he tugged her closer to the edge of the counter. His mouth descended on her pussy, hot and claiming. A sharp cry broke from her lips, her fingers flying to his hair, gripping, as his tongue flicked over her swollen clit. Isang ungol ang kumawala sa lalaki na para bang ito ang naliligayahan sa pagpapaligaya sa kanya. Lalong dumiin ang pagkakapisil nito sa kanyang mga hita, sinisigurong walang hahadlang habang inaangkin

All rights reserved

siya ng mga labi nito.

His tongue was slow at first—teasing, exploring, tasting her like she was the sweetest thing he'd ever had in his mouth.

"God, you taste so fucking good," he groaned against her.

She whimpered, thighs trembling as he licked a hot path up and down her pussy, sucking her clit into his mouth with just the right amount of pressure.

"Alvaro," anas niya.

Sinalubong niya ang mga labi nito, hindi niya maawat ang pag-igtad. Itinukod niya ang mga braso sa marble top. Hindi niya maawat ang sariling pagmasdan ang lalaki. There was his gorgeous face between her thighs as he devoured her.

"Come for me," he commanded, tongue flicking faster, as his finger slid inside her gently.

She couldn't believe just how hot that felt. And then he slid another one before curling them, pressing against that spot that made her see stars.

"Alvaro!"

"Let go, sweetheart," he whispered. "Come for me. Show me how good I make you feel." His fingers worked her deep and hard, pressing against that spot while his tongue flicked mercilessly over her clit.

And that was all she could take. Her orgasm hit fast and violent, her pussy clamping around his fingers as she gasped, her body shaking from the force of it. Alvaro growled as he worked her

All rights reserved

through it, tongue flicking, lapping up every drop of her slick heat like he was addicted to the taste of her.

By the time she came down, she was trembling, breathless, completely wrecked.

Alvaro rose to his feet, licking the last traces of her from his lips, his gaze dark with satisfaction—but beneath the smug confidence, there was something softer, something almost reverent as he looked at her. He cupped her cheek, thumb tracing her lips.

"You okay, my dear Violet?"

Napatango siya, tuliro pa rin. Niyanig ng lalaki ang buong mundo niya, ang buong galaxy. Her entire fucking universe.

Then she looked down. His cock was

still hard, thick and ready, the head wet with precum. Bigla na namang nag-init ang kanyang pakiramdam. She really wanted to put that thing inside of her mouth and lick the lines on his body.

Ngumisi si Alvaro, nakita kung ano ang kanyang tinitingnan.

"Think you can take me?" tanong nitong nanunudyo, bagaman tila may bahid ng pag-aalala.

Napalunok siya. Saka tumango. Challenge accepted. Paano naman nila malalaman kung hindi susubukan?

"Maybe not here since it's your first time."

Tumango siya. He grabbed her underwear that was on the counter. Isinuot nito iyon sa kanya. Itinukod niya sa mga balikat nito ang mga kamay

para tuluyang maisuot iyon.

Walang pagmamadali itong naglakad patungo sa pantry dahil doon nito naiwan ang mga damit. Nang lumabas ito ay bihis na. Nagpapatianod na lang siya sa mga pangyayari dahil ni hindi niya alam kung paano ida-digest ang lahat ng iyon.

Did he just make her come like she had never come before?

Yes, in fact, he did.

Nagtungo sila sa kanyang silid.